

1

Remember Me, Babe

At present...

“Oh my God!” malakas na bulalas ni Faye. Napatingin tuloy sa kanya ang ibang agents na kahilera niya. Agad niyang tinakpan ang bibig sabay pabulong na pagsabi ng, “Sorry, guys.”

Eight months nang nagtatrabaho si Faye sa call center na iyon sa Makati. It was not her dream job, ang pangarap niya ay maging filmmaker pero mailap ang pagkakataon at kailangan niyang mag-survive kaya kinuha niya ang opportunity para kumita ng pera. At dahil malaki ang suweldo sa call center, umabot na siya nang walong buwan nang hindi niya namamalayan. Everything was okay until that night.

“Napano ka?” bulong ni Vivian na nakaupo sa tapat ng cubicle niya. “Bad news?”

Imbis na sumagot, inabot ni Faye ang hawak na note. Kasama iyon ng isang dosenang white roses na

nasa table niya. Ibinigay iyon sa kanya ng guard after niyang mag-coffee break. Akala ni Faye ay para sa team nila ang naturang bulaklak.

“Ma’am, may I place you on hold for about three minutes? I need to check something on your account,” narinig niyang sabi ni Vivian sa mouth piece ng headset nito. May kausap na customer ang babae pero inuna ang pagiging tsismosa. Kinuha ng katrabaho ang note saka binuksan. Kumunot ang noo nito saka bumaling sa kanya. “Ano to?”

Ang nakalagay kasi sa note: *You stole something from me.*

“Nagnakaw ka?!” Napalakas ang pagkakasabi ni Vivian kaya sa babae naman napatingin ang ibang call center agents. “I’m sorry, ma’am, I wasn’t talking to you,” sabi uli ni Vivian sa mouth piece.

“Wala akong ninakaw!” tugon ni Faye. May isa pa itong inabot kay Vivian. “Yan ang karugtong ng note!”

My heart. Yun ang nakasulat sa hugis pusong papel na pula na karugtong ng note.

“Ay ang sweet!” Kinilig ang kausap. “May admirer ka bakla!” Papalampak sana ito pero bigla ring natigilan. “No, ma’am, I did not call you gay. Hindi po kayo ang tinawag kong bakla. I’m sorry.”

Sumenyas si Vivian na babalikan ang customer na kausap sa phone. Tumango si Faye saka muling tiningnan ang note, then the white roses. Kung sino man ang nagpadala ng mga bulaklak at note, mukhang kilala nga siya nito. Pero sino ba sa mga ex-jowa niya ang nagpapa-mysterious ngayon?

Mga ex kasi at 26 years old, walo na ang naging boyfriends niya. Hindi naman siya play girl, hindi lang naniniwala si Faye sa pagpapakipot o pa-hard to get

kapag gusto niya ang isang lalaki. Saka hindi siya nagonobyong nang sabay-sabay. May gap lagi ang mga relasyon niya dahil hindi rin naman pare-pareho ang itinagal ng mga iyon. May naging boyfriend siya na tumagal ng one year, meron namang one summer lang. Kadalasan ay hanggang six months na parang contractual at may tumagal lang ng three weeks. Kaya nawalan na ng meaning sa kanya ang Valentine's Day dahil every year, iba ang kasama niya. Pero lahat ng naging boyfriend niya ay hiniwalayan niya nang maayos o kaya, siya ang iniwan kaya alam niyang wala siyang atraso kahit kanino.

Sino naman kayang ungas itong nagtitrip sa 'kin? Malaman lang talaga niya kung sino.... Bubudburan niya ng sili ang ngala-ngala! Agad din siyang napa-sign of the cross sabay hingi ng pasensiya. Sorry, Lord, imagination ko lang po yun.

"Guys, please don't forget—we all have to proceed to the convention hall in twenty minutes. The new owner of our company will meet us there." Napatingin si Faye sa nagsalita.

Si Miles yun, isa sa mga managers nila sa call center. Guwapo si Miles, matangkad, parang si Daniel Matsunaga— friendly pa at higit sa lahat, laging mabango. Kaya crush ng lahat ang manager at gusto ng mga babae at bading na agents na mapunta sa team ng lalaki. Isa na dun si Faye. Unang araw pa lang niya sa call center ay si Miles agad ang nakita niya at naging instant crush.

"Hmm.... bago malaglag yang mga mata mo sa kakatingin kay Miles, i-solve mo muna kung sino ang bago mong admirer," narinig niyang komento ni Vivian.

"Sira!" Napangiti siya. Pero tama si Vivian,

kailangang malaman niya kung sino ang admirer niya. Sana si Miles, sa loob-loob niya. Lalo siyang napangiti.



Twenty minutes later, pumasok na sina Faye at Vivian sa loob ng convention hall. Bawat floor sa building na yun ay may convention hall para sa iba't ibang kompanya na naroroon tulad nila. Sosyal at malawak ang lugar, all-white ang mga walls, black naman ang table and chairs, pati ang frames ng ilang paintings na naroon.

“Andito yata pati mga new hire agents and trainees,” ani Vivian na itinuro ang ilang kumpol ng mga lalaki at babae na mukhang college students pa.

“Siyempre required din silang makilala ang may-ari ng kompanya natin no,” wala sa loob na sagot ni Faye. Nakatingin kasi siya sa cellphone para i-check kung may message na pumasok sa kanya.

“Mukhang mga college students na naligaw ng campus ang mga yan,” natatawang komento ni Vivian. Ka-batch niyang pumasok sa call center ang babae. But unlike her na baguhan sa call center industry, si Vivian ay naka-apat na call centers na kaya batikan na ito. Kung saan ang mas mataas na pasahod at financial incentives ay doon ang babae.

“Girls, please move over there.” Daig pa ni Faye ang nakuryente nang hawakan siya ni Miles sa balikat. Ngumiti sa kanya ang lalaki kaya feeling niya napa-tumbling na naman ang small at large intestines niya dahil sa magkahalong nerbiyos at kilig.

“Sure,” pa-sweet niyang sagot. Hinila niya si Vivian patungo sa unahan, malapit sa ginawang mini-stage na may microphone.

“Oo, alam ko mahal mo yang si Miles pero umayos

ka. Daig mo pa ang Meralco tuwing nakikita siya—lakas mong maka-high-voltage na kuryente sa katawan,” bulong ni Vivian sa kanya.

“Faye?” Napalinging ang dalaga nang marinig niya ang pangalan. Akala niya ay bumalik si Miles at narinig sila ni Vivian.

Ganun na lang ang gulat niya nang mamukhaan kung sino ang tumawag sa kanya. Tumangkad ang lalaki from the last time na nakita niya ito, gumanda ang katawan, gumwapo at nadagdagan ng isang truck ang self-confidence. But it was him alright. Hindi niya makakalimutan ang itsura at pangalan nito.

“Raymond Alejandro Benitez.” Hindi makapaniwala si Faye.

“Wow. I’m flattered that you still remember me, babe.” Ngumisi ang lalaki, hindi pang-kontrabida na ngisi kundi cute like he did something really naughty.

“Babe?!” Shocked si Vivian sa tabi niya. “Sino siya?” agad na bulong nito sa kanya.

“Mr. Benitez!” Nakita ni Faye na papalapit si Czarina Solema, isa sa mga managers ng call center. Ka-level ito ni Miles pero may pagkamaldita. “Come with me please.”

Lumingon muna ang lalaki kay Faye. “I’ll talk to you later,” anito at kumindat bago tuluyang sumama kay Czarina.

Kung nagtataka si Faye, lalo naman si Vivian na hindi na mapakali. “Mars sino ‘yun? Bakit ka tinawag na babe? Ex mo ba ‘yun?”

“Hindi no! Kababayan ko yan... taga-Bulacan din. Pero ang alam ko nag-migrate yan noon sa US, eh. Ngayon ko nga lang nakita uli... saka mas bata sa akin ‘yan.”

“Ano yan, new hire? Pero mukhang malakas kay Miss Solema ha.”

“Oo nga, eh.” Nakatingin na si Faye kay Miles na nasa harap at hawak ang mic. May sinasabi si Miles pero walang nag-register sa utak niya kundi ang salitang OWNER.... then, nakita niyang lumapit si Raymond Alejandro Benitez kay Miles at kinuha ang mic.

“Hi, everyone!” Kumabog ang dibdib ni Faye. Feeling niya she was having a nightmare.

“Yan ang bagong may-ari ng kompanya?!!” Hindi makapaniwala si Vivian.

“Oh, my God!” Nanlamig ang buo niyang katawan.

2

Once Upon a Time

Ten years ago...

Orientation Day ng first year high school students sa *St. Therese Catholic School*. Isa si Faye sa mga fourth year students na nagsalita at nag-welcome sa kanila. After all, siya ang Secretary ng student council last year at tatakbo siyang President this year. She needed to charm the little ones.

“So if you have questions or if you need help, please feel free to approach any of us and we’d be more than willing to assist you.” Faye gave them a smile.

“Talaga? I have a question!”

Automatic na hinanap ni Faye ang nagsalita. Nasa 120 ang mga first year students na nasa bleacher ng gym. Pero tila wala doon ang nagsalita. Pagtingin ni Faye sa gilid ay may nakita siyang batang lalaki, kampanteng nakaupo sa bleacher, nakataas ang mga

paa at naka-shades pa.

“Excuse me, please go back to the grade school department,” ani Faye sa bagets na mukhang elementary pupil. Bakit ito pakalat-kalat sa high school department?

“Excuse me din, hindi ako elementary. Second year high school na ako!” mayabang nitong pahayag.

Agad na nagbulungan ang mga estudyante, pati ang mga kasama ni Faye sa student council. Inis naman si Faye dahil napakaarogante ng bagets, ke bata-bata pero feelinggero! Kung pwede lang siyang magtaray. But no, Baka i-boycott siya ng mga estudyante at matalo pa siya sa student election. And so she smiled again.

“Sorry, pero freshmen orientation kasi ito,” pa-sweet pa niyang pahayag.

“I’m a transferee at pinapunta ako dito ni...” May tiningnan ang bagets sa maliit na papel, “ni Mrs. Teodosio.” Principal ng high school department ang naturang ginang.

Bago pa nakasagot si Faye ay kinuha na sa kanya ni Diego ang mic. Classmate niya ang lalaki, outgoing Vice President sa student council at makakalaban niya sa pagiging President.

“Hi! Welcome to *St. Therese Catholic School!*” Nag-wave pa si Diego sa bagets.

Epal, sa loob-loob ni Faye. Kilalang-kilala niya ang ugali ni Diego. Ass-kisser ang lalaki sa mga taong makakatulong sa grades at academic standing nito. In short, sipsip. Lahat ng teachers nila ay nakakatanggap ng mamahaling regalo from Diego’s mom kapag Pasko, Valentine’s Day at birthday.

“Narinig lang ang pangalan ng principal, bumida

na agad,” bulong ni Faye kay Precious na kaibigan niya at treasurer nila sa student council. Magkaklase din sila at mag-best friend.

“Malapit ko nang isipin na crush mo si Diego,” bulong din sa kanya ni Precious. “Ang bigat ng dugo mo sa kanya, eh. Lagi mong pinapansin. Aminin mo na lang kasi para di ka mahirapan!”

“Ewww. Hindi ko crush yang hambog na yan no,” sagot ni Faye sa kaibigan. “Nabibwisit lang ako kasi laging umeepal. Parang sabik sa spotlight! Kita mo ‘yan, o.”

Sabay silang napatingin kay Diego. Nakita nilang bumaba pa ang lalaki at lumapit sa bagets.

“Ano ‘yung gusto mong itanong? Do you need help?” Daig pa ni Diego ang Mr. Friendship!

“Sa kanya ako may gustong itanong,” sagot ng bagets, sabay turo kay Faye.

Nagulat naman si Faye— lalo na nang magtinginan sa kanya lahat ng naroon. Diego played along kahit medyo napahiya.

“Ah, kay Faye, our Council Secretary. Mabait ‘yan... at cute!” Sa loob-loob ni Faye ay masusuntok na talaga niya si Diego. “Ano’ng gusto mong itanong sa kanya?”

Kinuha ng bagets ang mic kay Diego saka tumingin kay Faye. “May boyfriend ka na ba?”

Napanganga siya. Nagpalakpakan naman lahat ng freshmen!



Isang linggo na ang nakakaraan simula nang mapahiya si Faye sa freshmen orientation. And since then ay limang boxes na ng Macadamia chocolates ang natatanggap niya, at laging may kasamang white rose.

"Kumusta ang stalker mo?" biro ni Precious. Breaktime nila at nasa canteen sila para magmeryenda.

"Ewan ko dun, malapit ko na siyang tirisin. Kung puwede lang na ako na ang magtransfer sa ibang school, ginawa ko na."

"Sobra ka naman. Ayaw mo nun, may admirer ka!"

"Na bata? Ano ako, cradle snatcher?"

"Ang OA naman nito, ilang taon lang naman ang gap nyo. Uso na ngayon yan!" Tapos nang kumain si Precious at nagpupulbo ito kahit nasa canteen. "Saka, sila yata ang pinakamayaman sa bayan natin."

Totoo ang sinabi ni Precious. Lemon ang pangalan ng kanyang stalker na bagets at anak ng pinakamayamang angkan sa lugar nila. Kahit saang kanto tumingin ay pag-aari yata ng pamilya nina Lemon—mula sa grocery store, hardware, mall, sinehan, restaurant, hacienda, bukod pa sa pabrika sa ibang bayan at kompanya sa Maynila. Only son si Lemon, therefore, tagapagmana.

At saksakan ng spoiled brat, naisip ni Faye.

"Kapag naging kayo, aba eh, parang ikaw na rin ang pinakamayaman sa lugar natin by virtue of association!" narinig pa niyang pahayag ni Precious.

"So? Hindi pa rin ako interesado."

"Ewan ko sayo, ang arte mo! Buti ka nga may manliligaw!"

"Gusto mo sayo na lang?"

"Ikaw nga ang type! Kung ako lang ba e!"

Sasagot sana si Faye kay Precious pero biglang may nagsalita sa likuran niya.

"Ma'am, pabigay ni Sir." Paglingon ng dalaga ay nakita niya ang driver/bodyguard ng bagets, may inaabot na naman sa kanyang box saka bulaklak.

“Pakisabi sa boss mo, huwag na siyang magsayang ng pera. Sa iba na lang niya ibigay ang chocolates.”

Hindi sumagot ang driver/bodyguard. Iniwan nito ang box at isang pirasong white rose sa mesa. Dali-dali namang kinuha ni Precious ang box saka binuksan.

“Hindi ka naman interesado, di ba?” ani Precious kay Faye. Napasimangot lang siya.

“Ayan na ang supply ni Faye!” Agad na kumuha ng chocolate si Ace na kaklase nila.

“Lakas ng pang-amoy ah!” Inilayo ni Precious ang hawak na box.

“Siyempre naman, lagi kaya naming binabantayan ang binibigay sayo ng stalker mo. Kelan mo ba yun sasagutin?” Akmang isusubo ni Ace ang chocolate, nang bigla iyong hablutin ni Faye pati ang box na hawak ni Precious saka itinapon sa pinakamalapit na trash can, kasama pati yung white rose.

“Huwag n’yong kainin baka may lason,” aniya.

“Ouch!”

Nagulat si Faye sa nagsalita. Napalingon tuloy siya sa pinanggalingan ng boses. Nakita niyang nakatayo si Lemon sa may pinto ng canteen, obviously ay nasaksihan nito ang pagtapon niya ng chocolates sa trash can. For a split second ay nakaramdam siya ng guilt... at awa. Pero bago pa siya nakapag-react ay tumalikod na si Lemon at mabilis na umalis. Natahimik ang lahat. Ramdam ni Faye na nasa kanya na naman ang atensiyon ng mga tao. Gigil tuloy siya kasi nagmukha siyang bruha sa paningin ng lahat!



“Hindi ka lang bruha kundi ikaw ang katawang lupa ng evil stepmother ni *Snow White!*” akusa sa kanya ni Precious habang pauwi sila kinahapunan. “Saka ni

Cinderella!”

“Ang sakit naman, ginawa mo pa akong kontrabida sa fairy tales!” Napangiti si Faye. “Hindi ko naman siya binigyan ng mansanas na may lason.”

Sampung kanto ang layo ng *St. Therese Catholic School* sa bahay nila Faye kaya kapag hapon ay naglalakad na lang siya pauwi. Nasa kabilang kalye naman ang bahay nila Precious kaya kasabay niya lagi ang babae.

“Ikaw naman kasi, over ka sa pagpapakipot. Hindi naman pangit si Lemon para iwasan mo.”

“Eto na naman tayo. Alam mo, one week nang puro kayo Lemon ha. Ano ba ang pinakain niya sa inyo? Para kayong fans ni Ate Guy, solid na solid!”

“Naku, Faye, mabait lang talaga si Lemon.... saka in fairness ay galante yung bagets.”

“Exactly! Bagets, meaning bata pa.”

“Bakit, sixty years old ka na ba?” Tumigil sa paglalakad si Precious at hinarap si Faye. “Baka dumating ang panahon na sa kakaganyan mo, eh ikaw pala ang ma-in love kay Lemon?”

“No way. Patayin nyo na lang ako, okay?”

“Gaga, ginawa mo pa akong kriminal!” Nagpatuloy sila sa paglalakad.

Mayamaya, natanaw na ni Faye ang bahay nila. Pero kumunot ang noo niya dahil isang *Ford Expedition* ang naka-park sa labas ng bahay nila.

“Sino kaya ang bisita namin?” Binilisan ni Faye ang paglalakad. Kahit hinihinal ay humabol din si Precious.

“Baka andiyan si Mayor!”

Pagdating nina Faye at Precious sa tapat ng gate ay palabas din ang bodyguard ni Lemon sa kanila, na kapag nakatalikod ay tinatawag niyang Mr. Shades kasi

nga laging naka-shades.

“O, andito na pala si Faye!” Kasunod ni Mr. Shades ang nanay niyang si Aling Ditas. Ito ang modista ng bayan. Madaming nagpapatahi ng kung anu-anong damit sa nanay niya. “May cheesecake ka sa loob ng ref!”

“Kanino galing?” tanong ni Faye kahit medyo alam na niya kung sino ang nagpadala.

“Galing kay Sir Lemon, ma’am,” sabad ni Mr. Shades. As expected ay galing nga sa bulilit niyang admirer! “Inorder pa po niya yung cake sa Maynila.”

“Naku, pakisabi sa amo mo, huwag na siyang mag-abala. Hindi kami mahilig sa matatamis kasi sweet na kami.” Napakamot ng ulo si Mr. Shades. Hindi nakatiis si Faye. “Saka bakit mo ba siya tinatawag na Sir e ang bata-bata lang nung alaga mo. Hindi pa yata tuli yun!”

“Faye, yang bunganga mo!” saway sa kanya ni Aling Ditas.

“Sorry, Nay.” Pagtingin ni Faye kay Precious ay pinandilatan din siya nito ng mata.

“Pagpasensyahan mo na ang anak ko, pagod lang siguro. Pakisabi uli dun sa nagpadala ng cake, maraming salamat.”

Tumango lang si Mr. Shades saka umalis na. Binalingan ni Aling Ditas si Faye.

“Ayokong makarinig ng mga ganung pananalita mula sa’yo ha.” Yumuko lang si Faye.

“Mauna na po ako, Aling Ditas.” Tumango ang nanay niya kay Precious. Sumenyas naman si Precious sa kanya. “Dalhan mo ako ng cake bukas ha!”

“May gayuma yun!” Natawa lang si Precious sa sinabi niya.

Lalong nainis si Faye. Dumarami pa yata ang

kakampi ni Lemon!

May araw ka din sa akin, sa loob-loob ni Faye. Kung puwede niya lang tirisin si Lemon, ginawa na niya!

3

That OMG Moment

At present...

“Faye, sandali!” Tinatawag siya ni Vivian pero hindi siya lumigon. Dere-derecho siya sa loob ng CR na malapit lang sa conference hall.

She really needed some air, but since sa CR nga siya napadpad at wala namang hangin doon, naghilamos na lang siya para kahit papano ay maging presko ang pakiramdam niya. The tension inside the conference hall was too much for her. Well, sa kanya lang talaga dahil wala namang alam ang mga kasama niya sa trabaho kung ano ang nakaraan nila ni Lemo, na mas kilala ngayon bilang Raymond Alejandro Benitez.

“Hoy bakla, ano’ng nangyari sayo?” Napalington si Faye kay Vivian na kakapasok lang sa CR. Agad na lumapit sa kanya ang babae. “Na-lovestruck ka ba o minamaligno?”

“Lukaluka. Naihi lang ako.” Hindi siya makatingin nang derecho kay Vivian.

“Naihi ka dahil sa bagong may-ari ng kompanya?” Tumaas muna ang kilay ni Vivian saka tiningnan ang reflection sa salamin.

Nasa early thirties si Vivian at isang single mother. Lagi nitong sinasabi sa kanya na kung magjo-jowa din lang, dapat ay pumili na ng mayaman para hindi makuba sa pagtatrabaho

“Totoo ba yun, yung bagets na lalaki ang new owner or chika lang? Di kaya pinagtitripan tayo ng mga managers?”

“Ewan ko... hindi naman siguro. Saka, bakit naman nila tayo pagti-tripan?”

Hindi sumagot si Faye kaya lalong naintriga si Vivian. “What’s between you and that guy ba? Parang simula nang makita mo siya kanina ay hindi ka na mapakali.”

“Nothing.” Mabilis siyang lumapit sa pinto. “Halika na, magtrabaho na tayo!”

Kahit alam niyang hindi kumbinsido si Vivian ay dinedma na niya. Nagmadali siyang makabalik sa working station. She would rather work kesa ma-stress sa kakaisip sa nakaraan.



Apat ang accounts na hawak ng call center nina Faye. Customer support sila ng isang internet provider, cable company, bangko at mobile phone company. Dalawa dun ay local at ang dalawa naman ay international. Sa local account sila nina Vivian naka-assign.

“Ma’am, I’ll transfer your call to the technical department, okay? Thank you for calling.” Pagkatapos

ng call ay kinuha ni Faye ang Starbucks mug saka uminom ng kape.

“Faye, Miles alert, dali!” Napatingin siya kay Vivian na itinuro kung saan banda si Miles.

Nakita niyang papunta sa direksyon nila si Miles. Okay sana kaso katabi nito si Lemon. Agad na yumuko si Faye.

“Huwag kang maingay!” Sinenyasan pa niya si Vivian bago dahan-dahang nagtago sa ilalim ng working station. Napatingin sa kanya ang katabing agent, si Jude.

“Okay ka lang?” Magkahalong concern at pagtataka ang nasa mukha ng huli.

“May hinahanap lang ako... yung sim card ko nahulog,” bulong niya. Tiningnan niya uli ang direksyon ni Miles. Palapit na sa table niya ang lalaki! Dali-dali siyang gumapang, daig pa ang tutang hinahabol ng malaking pusa!

“Where’s Faye?” Boses yun ni Miles. Lalo niyang binilisan ang paggapang hanggang makarating sa may dulo, malapit sa CR!

Agad siyang pumasok sa CR at napasandal sa pinto habang todo hingal. “Aray ko....” Bigla siyang nakaramdam ng pananakit ng mga tuhod. Pati yata balakang niya ay biglang namanhid! Then, nakapa ni Faye ang cellphone na nasa bulsa! Laking pasasalamat niya at nadala niya yun. Dali-dali niyang inilabas ang cellphone at mabilis na nag-type.

Nasa CR ako, pakisabi masama ang pakiramdam ko. Masakit tiyan ko. Ipinadala niya yun kay Vivian.

Mayamaya ay nag-reply ito.

Kanina ka pa CR nang CR! Diyan ka na kaya tumira? Natawa siya sa text ni Vivian kahit natetensyon.

Ngayon lang to, pakisabi naman kay TL na magbi-break muna ako. Ang TL na tinutukoy niya ay ang Team Leader nila, si Hansy na halos kabarkada na nila.

Sabihin ko may LBM ka? Si Vivian uli. Me kasunod pang text. Ikaw ba yung umutot kanina? Si Chito kasi pinagbintangan ko.

Hindi no! Andiyang pa ba sina Miles? May mga pumasok na agents na galing sa break kaya tumabi muna siya. Tumunog uli ang cellphone niya.

Umalis na. Pero hinanap ka.... ni Mr. Benitez. Naku bakla ka, magpakape ka at mukhang madami kang ikukuwento. Di na siya sumagot sa text ni Vivian.

Mayamaya ay lumabas na ng CR si Faye at bumalik sa working station niya. Isang oras na lang ay makakauwi na siya at feeling niya iyon na ang pinakamahabang duty niya sa call center.

“Okay ka lang?” Muntik na siyang mapatalon nang biglang magsalita si Hansy sa likod niya. Bading ito at afro ang buhok, kahit sino ay magugulat kapag biglang sumulpot nang walang pasintabi. “Masama daw ang pakiramdam mo?”

“Medyo lang.” Totoo naman yun, pero ang pagsakit ng tiyan niya ay dahil sa tensiyon.

“Pero kaya mo na bang mag-take ng calls? Puwede ka namang mag-early out if di mo kaya.”

“I’m okay.” Pasalamat siya at wala pang call na pumapasok.

“Are you sure?” Si Lemon, nakatayo sa harap mismo ng working station niya, katabi si Miles.

Tumango lang si Faye, hindi niya magawang magsalita.

“Would you like to have breakfast with me?” nakangiting tanong ni Lemon.

Napalunok si Faye; hindi alam kung ano ang sasabihin. Aware siyang nakatingin sa kanya ang lahat ng tao sa paligid. Si Vivian ay halos tumambling na sa kakasenyas ng oo at thumbs up sign. Pati si Miles ay nakatingin sa kanya.

“I... I need to go home.” Dama, nasaan ka nang kailangan kita? “Maybe next time.” Magha-harakiri na talaga siya sa sobrang hiya! Bakit ba kapag si Lemon ang involved ay lagi siyang napapahiya sa madla?

Nagkibit-balikat lang si Lemon saka lumakad na kasama si Miles. Nang makalayo ang dalawa ay isang kinuyumos na scratch paper ang tumama sa ulo ni Faye.

“Aray!” Binato na pala siya ni Vivian. “Ano ba! Grade one lang?!”

“Humanda ka sa akin mamayang babae ka!” Sumenyas pa si Vivian ng gilit-leeg bago ngumiti at binalikan ang kausap sa phone. “Yes, ma’am, how can I help you with your account?”



Eksaktong six thirty ng umaga ay nasa labas na ng building sina Faye at Vivian. Hindi na siya hiniwalayan nig babae matapos silang mag-time out. Mabilis silang naglalakad patungo sa pinakamalapit na *McDonalds* para mag-breakfast. Nang makaupo sila ay agad na nagtalak si Vivian.

“Now, tell me! Ano’ng meron sa inyo ni Mr. Benitez?” Nasa mukha ni Vivian ang determinasyong malaman ang totoo. “I want the truth, Faye. Hindi na tama itong mga pambibitin mo sa akin ha. I swear ikaw na talaga ang ibibitin ko sa harap ng building!”

“Okay, fine!” Hinarap niya si Vivian. “That guy na tinutukoy mo? Si Raymond Benitez? He proposed to

me!”

Napanganga ang kausap, saka napatili.

“Oohh-eeemm-geee!!”

4

Memory Lane

Ten years ago...

First Monday ng July. It's the campaign week para sa student council election at excited si Faye na pumasok sa school para ikabit ang mga dalang campaign materials. Nothing grand, pero pinaghirapan niyang gawin iyon over the weekend. Dumaan muna siya sa simbahan na halos katabi lang ng school nila para magdasal. Naging habit na niya iyon ever since. Kasama niya dapat si Precious pero dumaan pa sa flower shop ang kaibigan.

Katatapos lang niyang magdasal at patayo na nang marinig niya ang kanyang pangalan. "Faye! Faye!"

Lumingon siya at nakita si Jeselee, isa sa mga kaklase niya. Humangos ito palapit sa kanya.

"Nakita mo na?" tanong nito.

"Ang alin?" Clueless siya sa tanong ng kaklase.

"Hala... akala ko naman nakita mo na kaya ka

nagtago dito sa simbahan. Nakita kasi kitang pumasok kaya sumunod agad ako.”

“Bakit naman ako magtatago dito? Nagdasal lang ako. You know, para good luck.”

“Naku, good luck talaga kapag nakita mo ang buong campus!”

“Bakit?” Biglang kinabahan si Faye. “Ano’ng meron?”

“Tingnan mo na lang. Ayokong sa akin manggaling ang balita.”

“Hindi pa ba?” Tinalikuran niya si Jeselee at mabilis na naglakad palabas ng simbahan.

Habang naglalakad, ramdam ni Faye na pinagtitinginan siya ng mga nakakasalubong niya. Lalo tuloy siyang kinabahan. Feeling niya, may kababalaghang naganap sa school at siya na lang ang hindi nakakaalam.

Pagpasok niya sa gate ng St. Therese ay muntik nang malaglag ang panga niya. As in napanganga siya!

Isang malaking streamer ang tumambad sa kanya na may nakalagay: *FAYE JOMENTO FOR PRESIDENT*. Naroroon ang mukha niyang nakangiti.

Saan galing ang picture na iyon? Wala siyang natatandaang pictorial na naganap.

“Wow, Faye, para kang kakandidatong senador ng Pilipinas, ah!” Si Orven ang nagkomento, kaklase niya. Katabi nito si Ace na nakangisi rin.

“Lakas talaga ng fans club mo!” Hindi na nakatiis na hirit ng huli.

Inilibot ni Faye ang tingin sa paligid ng campus, may maliliit na posters na nakakabit doon, very professional ang pagkakaimprenta at nagmukhang pang-grade one ang ginawa niyang poster dahil

colored pentel pen lang ang pinangsulat niya. Tama sila, para siyang kakandidato sa pagka-senador!

“Please vote for Faye Jomento for president,” narinig niyang sabi ng isang estudyante. May hawak itong maliit na card. Nilapitan niya iyon at nakitang may pocket calendar din siya?!

Kinuha niya ang isang kalendaryo sabay tanong sa babaeng estudyante na namimigay, “Kanino galing ‘to?” Nasindak yata ang estudyante dahil napaatras ito at napabuka ng bibig pero walang lumabas na sound. “I mean... Sino ang nagbigay nito?” Faye tried to smile kahit nanginginig siya sa galit.

“K-kay... Kay Lemon po, Ate Faye...” Natakot ang estudyante sa kanya. Parang gusto na ngang tumakbo kaya nagpaka-friendly siya.

“Talaga? Wow, thanks ha. Ganda. Salamat sa pagtulong.”

Nagliwanag ang mukha ng estudyante, natuwa ito. “S’abi po ni Lemon, kapag tumulong kami, bibigyan niya kami ng tig-three hundred pesos! Huwag kayong magagalit ha?”

“T-three hundred pesos?” Allowance na niya iyon for one week. “Ilan kayong namimigay niyan?”

“Lima po.”

Ibig sabihin, one thousand five hundred pesos ang gastos ng hunghang!

Hindi na pinatapos ni Faye ang estudyante. Pasugod niyang pinuntahan ang home room ng second year! Maraming bumati sa kanya along the way pero panay tango lang ang ibinigay niya. Her mind was racing. Kapag nakarating kay Diego na may nanunuhol para ikampanya siya, tiyak na madi-disqualify siya sa election! Kailangan niyang mahanap ang tiyanak na

bagets para once and for all ay matiris na niya ito!

“Lemon!” Hindi na napigilan ni Faye ang sarili, tinawag niya nang malakas ang lalaki kahit ilang hakbang pa ang layo niya sa mismong pinto ng second year section 1.

“Yes, my love?” Nakangiti pa si Lemon nang makita siya, animo inosente at walang kasalanan. “Miss mo na ako kaya mo ako pinuntahan dito?”

“Excuse me, hindi kita nami-miss!” Feeling ng dalaga ay mataas na ang temperatura ng katawan niya. Mukhang magkaka-high blood pa yata siya dahil sa kaharap.

Hinila niya si Lemon sa gilid kung saan walang makakarinig sa kanila. Nasa di-kalayuan naman si Mr. Shades, patingin-tingin sa kanila.

“Ano ba 'yung ginawa mo?” agad na sumbat niya kay Lemon. “Bakit ka naglagay ng streamer at mga posters? Saka bakit mo binabayaran 'yung mga first year para mamigay ng pocket calendar? Ano'ng kalokohan 'to?”

“It's the campaign period, gusto kitang tulongan!”

“Hindi ko kailangan ng tulong mo! I can manage!”

“Hindi mo ba nagustuhan ang posters? Ang pocket calendar? Ang s'abi ng ninong ko na political adviser sa Malacañang, kailangan daw talagang gumastos kapag election. It's the rule of the game.”

“Saan ba ako tumatakbo? Sa student government, hindi sa national election!” Makukutusan na talaga niya si Lemon kahit pa impressed siya na nagtanong pa ito sa isang political adviser. “Saka bakit ka nga nagbabayad?”

“Siyempre para ganahan silang mamigay, dapat may incentives! Sa amin kasi, kapag may ibinigay na

favor, binibigyan ng money. Mas mabuti daw ang gan'un, sabi ni Daddy.”

“Puwes, hindi 'yan uubra dito sa school. At ipapahamak mo lang ako kaya magtigil ka na!”

“Bakit naman kita ipapahamak? Eh, gusto nga kitang maging girlfriend, di ba?”

“Ilang beses ko rin bang sasabihin sa 'yo na wala akong balak magka-boyfriend!”

“Corny.” Lemon smiled.

Guwapo sana kaso bagets na nga, pandak pa, sa loob-loob niya.

“Hindi ako nagbibiro ha. Patigilin mo na 'yung mga bayarang first year. Kapag nakita ko pa sila mamaya, humanda ka sa akin!”

Nakatingin lang sa kanya si Lemon na para bang hinihintay pa nito ang karugtong ng sasabihin niya. Paano ba masisindak ni Faye itong bagets gayung gatuldok lang sila kumpara sa kayamanan nito.

Lalong nainis si Faye. Porke ba mayaman ito, puwede nang gawin ang kahit ano? Kesehodang ipahiya siya? Ano ang akala nito sa kanya, PlayStation 2? Kotseng may remote control na anytime ay puwedeng laruin tapos, pagsasawaan?

“Hinding-hindi na kita kakausapin! Magpapa-transfer na talaga ako ng school—sa bundok, kung saan di mo ako masusundan!”

Iyon lang at kumaripas na siya ng takbo palayo kay Lemon.

5

I Remember the Boy

At present...

It was almost twelve noon pero gising pa si Faye. Dapat ay tulog na siya nang mga oras na iyon kasi ay graveyard shift siya.

Typical call center agent ang kanyang lifestyle: tulog sa umaga, gising sa gabi. Alas diez ng umaga siya usually natutulog at gumigising nang six p.m. just in time para manood ng news, kumain at maghanda uli para sa trabaho. It was predictable at minsan ay nabo-bore siya sa routine, but she was thankful dahil may trabaho siya.

Napatagilid uli siya for the nth time pero hindi talaga siya makatulog. Feeling ni Faye, one thousand sheep na ang nabilang niya sa utak para lang antukin pero gising na gising ang kanyang diwa. Masakit na ang mga mata niya sa kapipikit.

Lintek kasing Lemon 'yan, bakit pa bumalik! At iba

na ang porma niya. Hindi niya maamin na guwapo ang lalaki, feeling kasi niya ay nagtataksil siya sa crush niyang si Miles.

She remembered Vivian's reaction earlier when they were having breakfast. Actually, hindi halos nakakain si Vivian dahil sa kare-react.

"May rason naman pala kung bakit ka natarantang bigla, girl," Vivian said earlier.

Sinabi niya kasi rito ang lahat ng nangyari noong high school sila ni Lemon. Feeling daw ng kaibigan, para itong nanood ng Young Love, Sweet Love dahil sa love story nila ng lalaki.

"Wala kaming love story, excuse me," she corrected her friend.

"May gusto siya sa 'yo. Niligawan ka niya noong high school. Hindi ba love story 'yun?"

"The feeling wasn't mutual. May story but not love."

Wala naman talaga siyang gusto kay Lemon noon. Makulit lang talaga ang lalaki, ginamit ang yaman para manligaw, eh, hindi naman siya madaling masilaw sa pera.

"Ang harsh mo," komento ni Vivian.

"Sinabi ko lang sa 'yo kung ano ang nangyari. Kasalanan ko ba kung binasted ko siya?"

"Eh, ngayong nagkita kayo uli? Wala ka pa rin bang gusto sa kanya?" Strangely, hindi siya nakasagot agad sa tanong ng kaharap.

Ano nga ba ang nararamdaman niya?

"Aminin mo, ang guwapo niya. Matangkad, mabango, matalino at higit sa lahat, maraming salapi! Imagine, ang bata-bata pa pero bumili na ng kompanya." Vivian verbalized her thoughts.

"Mayaman naman ang pamilya niya kahit dati pa.

Baka nga kaya pa nilang bumili ng isang isla.”

“Pero narinig ko sa mga taga-Tech Department na kaya yumaman si Mr. Benitez, 'yung si Lemon mo, ay dahil nag-design siya ng ilang programs at application na binili ng malalaking companies sa Silicon Valley. Eh, di ba nand'un ang mga sikat na computer brands?”

Tumango si FayeS.

She was actually impressed nang malaman niya kay Vivian ang achievement ni Lemon. Who would have thought na ang lalaking itinuring niyang spoiled brat noon ay may pagka-genius pala? Nanonood siya ng TV series na *Silicon Valley* kaya alam niyang marami talagang mga nasa early twenties na naging instant millionaires dahil magagaling sa computer.

Hindi niya akalain na kasama na doon si Lemon. Siguro dahil ang naaalala niya kay Lemon ay ang pangungulit nito sa kanya: ang walang humpay na pagpapadala ng kung anu-anong chocolates, cakes, ice cream at ang mga pabida nito na lagi niyang ikinapapahiya.

Lemon na naman! Gusto na talaga niyang pektusan ang sarili para tumigil na sa kaiisip sa lalaki.

Mayamaya, bumangon si Faye at umupo sa gilid ng kama. Kinuha niya ang *iPhone* sa side table at agad na binuksan ang kanyang *Viber* app.

Guys, I need to see all of you. Dinner's on me later. This is an emergency.

She sent it to a *Viber* group. Mayamaya, sunud-sunod ang messages na dumating sa phone niya.

Is this a matter of life and death? tanong ni Precious. She answered yes.

Buntis ka ba?

Bwiset ka, Jungie, hindi no!

Teh, nasa *Divisoria* pa ako, sabad ni Ayie.

Isusumpa kita pag di ka dumating.

Ay shokot!

Is this going to affect the eco-system? Message iyon galing kay Orven.

She replied immediately. *Oo kaya pumunta ka!*

Naisip niya, malamang sakalin siya ng kaibigan kapag nalaman nito kung bakit nagpatawag siya ng instant gathering.

Madami pang messages na dumating at sinagot niya lahat ang tanong ng barkada niya. She then sent a text message to Vivian. Sinabi niya sa babae na hindi siya papasok mamayang gabi. Bahala na.



“Talaga?!” halos sabay-sabay na reaction ng mga kaibigan.

Nasa *Gerry’s Grill* sila sa *Greenbelt* at hindi pa dumarating ang order nilang pagkain kaya kinulit na siya ng mga kaibigan.

Present sina *Precious*, *Jungie*, *Ayie*, *Emily*, *Nette*, *Jeselee* at maging si *Orven*. Wala ang kaibigan nilang si *Joyce* dahil nasa *Europe* ito kasama ang asawa. Since high school ay magkakaibigan na sila kaya kilala ng grupo si *Lemon*.

“So lalong yumaman si *Lemon*? Pakasalan mo na, ‘teh!” Si *Ayie*. May malaki itong tindahan sa *Tutuban Mall*.

“Nag-usap na kayo? Ano’ng sabi?” usisa ni *Precious* na napainom ng tubig. May tatlong specialty bakeshop ito sa *Metro Manila*.

“Wala ba siyang kapatid? Pinsan? Kahit uncle?” Si *Jeselee* ang nagtanong; nurse by profession pero may catering business. “I’m single.”

"Baka hacker si Lemon," hirit ni Jungie.

"Hindi pa kami nag-uusap kasi nga iniwasan ko siya. Ano naman ang sasabihin ko?" amin ni Faye.

"Eh di sabihin mo na kung open pa 'yung proposal niya sa 'yo noon, tatanggapin mo na ngayon," sagot ni Emily.

"Ano ba! Siya na ang may-ari ng kompanya, 'tapos gaganunin ko? Seryosong usapan naman, guys!"

"I agree with Emily. Remind mo sa kanya 'yung proposal niya 'tapos, kasalan na. Ako'ng bahala sa mga accessories mo sa kasal. Madaming bagong items sa store... galing China!" Nagtawanan ang lahat sa sinabi ni Ayie.

Pasalamat si Faye na noon dumating ang pagkain nila. At least, nabawasan ang pangungulit ng mga kaibigan. She was just happy to be with them, something that she needed after seeing Lemon. Pagkatapos ng dinner, sinabi niya sa mga kaibigan na balak niyang umalis na sa trabaho. As in magre-resign siya.

"Bakit ka magre-resign? Luka-luka ka ba?" tanong ni Precious. "Although puwede din. Ikaw na lang ang mag-manage nung isa kong bakeshop if you want."

"Alam mong wala akong alam sa pagbi-bake. Ni wala akong oven sa bahay," sagot niya. "Ayoko lang mangyari 'yung nangyari noong high school tayo. Remember how Lemon was?"

"Oo, natatandaan namin. He was cute and adorable," sagot ni Jeselee.

"Nagtataka nga kami kung bakit sa 'yo siya nagkagusto." Sinundan yun ni Jungie ng malakas na tawa kaya hinampas niya ito.

"Traitor," aniyang natatawa din. "Inggit ka lang."

“Pag nag-resign ka ba sa trabaho, maso-solve na ang problema mo?” tanong ni Orven. “Wait, ano ba ang problema in the first place?”

Natigilan si Faye. Oo nga naman. Ano ba ang problema?

“Awkward much,” tugon ni Emily. “Yun ang problema niya.”

“Akin na lang kung ayaw mo,” hirit ni Jeselee.

“Teka, nagsabi ba siya na may gusto pa rin siya sa 'yo?” tanong ni Ayie. “Or nag-assume ka lang?”

Hindi siya nakasagot. Nagtawanan ang kanyang mga kabarkada.

Assumera nga ako, sh*t.

6

The Proposal

Ten years ago...

Nanalo siya sa election. She became the new *St. Therese High School Student Council* president. But it did not feel right. No, she didn't cheat her way to win the highest position in the student government, pero ganoon ang pakiramdam niya dahil kay Lemon.

"Arggh! Masasakal ko talaga 'yang bagets na 'yan!" gigil na singhal niya noong nandoon silang magbabarkada sa kanilang tambayan.

Dalawang araw pa lang na natatapos ang election at Lunes na Lunes, pero iyong inis niya, aabot yata hanggang Biyernes!

"Faye, relax. Ano ba'ng kasalanan ni Lemon?" tanong ni Nette. "Nagpakain lang naman siya sa mga batchmates niya pati sa mga first year students. Wala namang bawal d'un."

"Pero sinabi daw niya sa mga kaklase niya at sa

lahat, na iboto ako at ikampanya sa election.” Nalaman iyon ni Faye sa isang kapitbahay na second year high school.

“Natural, crush ka niya eh,” sabad ni Precious na inaayos ang malaking ribbon sa buhok. “At least panalo ka, di ba?”

“Yun na nga, eh. Feeling ni Diego, kaya lang ako nanalo dahil sa mga pinaggagawa ng bansot na 'yun!”

“Hindi bansot si Lemon ha,” depensa ni Ayie. “He’s cute. At tatangkad pa 'yun.”

“Oo nga, cute siya. Saka matalino daw, sabi ng kapatid ko,” singit ni Joyce. “Magkaklase sila, remember?”

Umikot ang mga mata ni Faye. Hindi talaga niya maintindihan kung pano na-win over ni Lemon ang mga kabarkada niya. Natutuwa silang lahat samantalang siya ay halos matuyuan na ng dugo dahil sa inis.

“Ano ba’ng sabi ni Diego?” Sa wakas ay nagsalita si Orven na kanina pa busy sa pagbabasa.

Napatingin si Faye sa librong hawak nito. *The Cubs of '69: Recollections of the Team That Should Have Been* by Rick Talley. Baseball fanatic kasi si Orven.

“Lost ako diyan sa binabasa mo ha!” hindi niya napigilang komento. “Ang deep!”

Hindi pinatulan ng kaibigan ang komento niya. “Inaway ka ba niya?” sa halip ay tanong nito.

“Hindi,” iling ni Faye. “Pero sinabi daw niya kay Kenneth na kaya ako nanalo ay dahil malakas ang backer ko.” Buti na lang, chismoso si Kenneth kaya nakarating agad sa kanya ang comment ng kalaban.

“Gusto mo bang kausapin ko si Diego?”

“Baka naman makipagsuntukan ka dun, madamay

pa kami,” ani Jungie habang patuloy na gumagawa ng project. “Magbigay ka kaagad ng disclaimer na wala kaming kinalaman ha. Kung may away, manonood lang kami for entertainment’s sake.”

“Huwag mo nang kausapin, baka nga maging big deal pa.” Umupo si Faye at kinuha ang isa sa Cosmo magazine na binabasa nina Emily at Jeselee. “Buwisit kasi ‘yang Lemon na ‘yan.”

“Hay naku, lagi ka na lang galit kay Lemon. Hindi talaga ako magtataka kung kayong dalawa ang magkatuluyan!” komento ni Precious na tumayo na. “Tara na, guys, baka ‘andiyang na si Mrs. Fernandez.”

Nagtayuan silang lahat para pumasok na sa kanilang classroom.



Induction Ball. Ginawa iyon sa *St. Therese Gymnasium* two weeks matapos ang election. It was a semi-formal event pero sa kanilang mga officers ay parang JS Prom kasi pinag-coat and tie ang mga lalaki at pinag-long dress naman ang mga babae.

Mabuti na lang at mananahi ang nanay ni Faye, at least may instant damit siya! Kahit kinopya lang sa magazine ang design at galing Divisoria ang tela, elegante ang damit nang isuot niya. Parang galing sa isang sikat na designer! Dark green iyon na spaghetti ang straps, derecho at bagsak hanggang sahi. Wala siyang masyadong burloloy maliban sa simpleng stud earrings at singsing na magkaterno.

Lahat ng estudyante ay required na pumunta sa ball kaya puno ang gym. Dumating ang mga classmates niyang pares-pares maliban sa kanilang magbabarkada. Sina Emily at Jeselee lang kasi ang may boyfriend sa kanila kaya napagkasunduan nilang lahat

na grupo silang a-attend ng induction ball.

“Ano ba ang theme this year? ‘Hollywood Glam’ or ‘Winter Wonderland?’” tanong ni Jungie habang nakatingin sa paligid ng gym. “Sino ba ang nag-design at parang may identity crisis itong gym?”

“Hoy, tumigil ka, Jungie. Kasama ako sa nag-design ng gym ah,” sagot agad ni Precious. “Gusto mo isabit kita sa may bleacher para may dagdag na palamuti?”

“’Eto naman, maliit na bagay, pinalalaki!” Natatawang lumayo si Jungie sa babae. “Dito na lang ako tatabi sa presidente ng council, para hindi ako ma-bully.”

“Wow, may catering talaga tayo?” Nakatingin si Nette sa apat na mahahabang mesa sa bawat kanto ng gym. Puno iyon ng pagkain at naka-uniform ang lahat ng waiter at nagbabantay. “Ang sosyal!”

“Courtesy of Lemon Benitez,” imporma ni Joyce. “Sinagot daw ng mommy niya ang catering na ‘yan.”

Lahat ng barkada ni Faye ay napatingin sa kanya. Bigla siyang kinabahan. “Ano na naman?” asik niya.

“Nagpapa-impress!” halos sabay-sabay nilang pahayag. Nagtawanan pa.

“Tse! Nakakainis kayo.”



Pagkatapos ng actual na induction of officers, gusto na ni Faye na magpalit ng damit. Sumasakit na ang paa niya sa heels na suot. Hindi siya sanay kaya nagdala siya ng extra clothes at sapatos para makapagpalit siya. Ang kaso, wala na yatang balak ang mga kaibigan na magpalit din ng damit kasi nag-e-enjoy na ang mga ito sa pagsayaw.

Mag-isa siyang nakaupo sa table at umiinom ng

pineapple juice nang may marinig siya sa likuran niya.

“May I dance with you?” Kahit hindi siya lumington, alam niyang si Lemon ang nagsalita. Hindi siya makapag-react nang bongga dahil nasa tapat niya mismo ang table ng principal, kasama ang ibang teachers.

“Pagod ako, eh,” sagot ni Faye pagkatapos ay ngumiti. “Masakit ang paa ko.”

“Eh di, tanggalin mo ang sapatos mo.” Ngumiti si Lemon. “Pabor ’yun sa ’kin.”

Eh kung pektusan kaya kita, bwisit ka! gusto niyang isagot.

Hindi niya maintindihan kung saan humuhugot ng sangkatutak na self-confidence ang binatilyo.

“Sige na, please? Isang sayaw lang naman.”

“Oo nga naman, Faye. Sumama ka na kay Lemon,” ani Ayie na paupo sa table nila. Kasunod nito sina Jungie, Nette, at Joyce. Galing ang apat sa dancefloor.

Tiningnan niya nang masama ang mga kaibigan pero dinedma lang siya. Nang makita niyang akmang luluhod sa harap niya si Lemon ay dali-dali siyang tumayo.

*Sh*t ka, malapit na kitang tadyakan!*

“Eto na nga, sasayaw na.” Sumama siya kay Lemon kahit masama ang loob.

Dance music ang kasalukuyang tumutugtog. Pero pagdating nila sa dancefloor ay biglang naging love song!

Anak ng pating. Sinasadya ba 'to? Bigla siyang hinapit ni Lemon sa baywang at hinawakan sa kamay. Siyete, ano 'to?!

Apat na pares lang ang natira sa dancefloor, kasama sila ni Lemon.

“Buwisit ka, binayaran mo rin siguro 'yung DJ no?” di-napigilang bulong ni Faye kay Lemon. Tumawa lang ang bagets.

“Alam mo bang mas cute ka kapag naiinis?”

“Bakit lagi mo akong pinapahiya?”

“Pinapahiya ba kita?”

“Eh, ano itong mga ginagawa mo? Napapahiya ako!”

“I’m sorry.” Natahimik si Lemon. “Alam mo naman na, di ba?”

“Na ano? Na ang lakas mong mang-trip?”

“Faye, mahal kita. I want to marry you.”

Natahimik ang dalaga. ‘*Serious Black*’ ang expression ni Lemon!

Seryoso talaga siya?

Hindi napigilan ni Faye ang sarili, tumawa siya nang malakas!

“Hoy, ano’ng pinagsasabi mo diyan? Saka ka na mag-propose kapag mas matangkad ka na sa akin, at kapag di ka na umaasa sa daddy mong milyonaryo!” Kumalas si Faye sa pagkakahawak ni Lemon.

Mabilis siyang naglakad pabalik sa table. Aware siyang pinagtitinginan sila ng lahat ng tao.

Pag-upo niya sa table, agad siyang nilapitan ng mga kaibigan.

“Ano’ng nangyari?” Si Precious, nakasunod pala sa kanya. Kanina lang ay nasa dancefloor din ito at sumasayaw. Ni hindi nga niya namukhaan kung sino ang kasayaw ng kaibigan. “Bakit ka nag-walk out?”

“Eh, sira-ulo ’yang si Lemon. Sabi ba naman sa ’kin pakakasalan niya daw ako!”

Napasinghap ang mga kausap. Pero bago pa sila makapag-react nang todo, nagulat sila nang may

biglang sumigaw.

“Faye!” Napatingin ang lahat, hawak ni Lemon ang mic ng DJ. “I love you, Faye! Tandaan mo ’yan!”

Wala na. Magta-transfer na talaga ako sa ibang planeta!

1

The Coffee Date

At present...

“Nandito siya kagabi. Dumaan pa nga sa area natin pero umalis din agad,” chismis ni Vivian sa kanya. Si Lemon ang tinutukoy ng babae. “Feeling ko hinanap ka niya, at nang di ka makita, nalungkot.”

“Echosera ka,” natatawang aniya sa kasama.

It was eight thirty in the evening. Alas nueve ang duty nila kaya may oras pa silang magkuwentuhan.

Usually, sa lobby lang sila tumatambay o kaya sa cafeteria pero nang gabing iyon, sumama si Faye kay Vivian sa smoking area ng floor nila. Hindi siya naninigarilyo pero mas pinili niyang doon magpalipas ng oras, para madilim at hindi masyadong kita.

“Totoo, mars. Ang lakas ng kutob ko kahit wala akong bolang kristal.”

Natawa siya. “Sira ka talaga. Saka, bakit naman niya ako hahanapin eh, hindi naman ako nawawala.”

“Baka na-miss ka. Baka maniningil sa proposal.”
Sinundan iyon ng kausap ng malutong na tawa.

Gusto niyang kutusan ang babae. Parang nagsisisi tuloy si Faye na sinabi niya pa rito ang tungkol sa past nila ni Lemon.

Kinilabutan din siya sa naisip. Walang *legitimate* past kasi never na naging sila.

“Saka duda ko din, siya ang nagpadala sa 'yo ng bulaklak!”

Iyon din ang naisip ni Faye, pero malabo eh. Dapat sinabi na sa kanya ni Lemon, bakit magpapamistryoso pa? Ang kilala niyang Lemon ay palaging may naka-standby na isang truck na self-confidence. Kung noon ngang high school sila hindi nagdalawang-isip ang lalaki na magtapat sa kanya, ngayon pa kaya? Ngayon pang boss ko na siya at ako ay empleyado?

Isa iyon sa mga dahilan kung bakit halos di siya makatulog at aligaga sa loob ng dalawang araw. What if bigla siyang masisante? Bigla siyang paalisin dahil lang binasted niya ito noong high school?

That was ten years ago though. So hindi naman siguro.

“Kapag nagkaroon ng chance, kausapin mo siya.” Medyo hinila pa siya ni Vivian para mas mapalapit sila sa may railing. “Kung ako 'yan, dinerecho ko na nung unang araw pa lang.”

“Baka iba ang nagpadala at mapahiya lang ako.”

“Hay naku, mars. Ang hina mo naman. Hindi na ako magtataka kapag naunahan ka.”

“Paanong maunahan?”

“Alam mo ba, lahat ng agents ngayon, parang pupunta sa party. Naka-get up ang mga hitad! Lahat gustong magpapansin sa bossing. Natatawa nga ako

eh, pano mga ilusyonada.”

Napatingin si Faye sa ilang babaeng nagyoyosi. Mga naka-full makeup nga at kung hindi naka-boots, naka-stiletto.

May isa pang agent na dumating, si Jayjay na international account ang hawak. Kilala niya ito dahil nakasabay niya sa training. At naka-fur coat ang bading!

Gusto niyang mapahalakhak. Si Lemon nga ba ang pinagkakaguluhan ng mga tao sa office nila? Ang weird.

Magsasalita na sana siya pero may nauna sa kanya.

“Hi!” Sabay silang napalingon ni Vivian. Nakatayo si Miles sa likuran nila. “Nagyo-yosi ka?” He was looking at her.

“Hindi. Sinamahan ko lang si Vivian,” sagot ni Faye. “Ikaw?”

“Hindi rin ako nagyoyosi. Gusto ko lang magpahangin.”

“Naku, maling lugar. Hindi malinis ang hangin sa area na ito kahit open space. Puro usok lang ang malalanghap mo.”

Ngumiti lang si Miles at parang nagkibit-balikat. Pagkatapos, nagulat siya nang muli itong magsalita.

“Gusto mo bang mag-coffee mamaya pag nag-break?” Kumunot ang noo ni Faye. “Sa Starbucks sa 'baba,” dagdag pa ni Miles.

“Sure, why not?” *Is he asking me for a date?* Pero naisip niyang coffee lang naman. That would not count as a date. “Magkita na lang tayo sa lobby sa 'baba.”

“Dadaanan kita sa area mo.”

Napatikhim si Vivian. “Baka gusto n'yo akong yayain? Gusto ko ring mag-*Starbucks*.”

“Siyempre naman, ano ka ba!” maagap na aniya kay Vivian. “Ikaw naman lagi kong kasama kapag breaktime, di ba?”

Nakita ni Faye na mukhang gustong magprotesta ni Miles pero dinedma niya iyon. Niyaya na niyang pumasok ang kaibigan dahil magsisimula na ang duty nila.

“See you later,” narinig niyang paalam ni Miles.



“Hindi ka naman masyadong malandi, di ba?” bulong ni Vivian habang papunta sila sa working station. “May past kayo ni Lemon—”

“Wala kaming past.”

“Whatever.” Umikot ang mga mata nito. “And now, si Miles ang present mo.”

“Magkakape lang sa Starbucks, present na? ‘Yung totoo, isang venti lang ba ang value ko?”

“Hindi naman sa gan’un,” natatawang sagot ni Vivian. “Dagdagan mo naman ng isang cheesecake at oatmeal cookie.”

“Buwisit ka!” Natatawa na rin si Faye. Kinuha niya ang headset at nag-log in na sa computer.

It was a busy night at halos hindi niya namalayan ang dumaang apat na oras. Madami kasing customers ang tumawag sa kanila dahil sa Internet connection na isa sa mga hawak nilang accounts. Eksaktong ala-una nang makita niyang palapit sa working station niya si Miles. Nag-log out muna siya sa computer saka tumayo.

“Hindi na ako sasama sa inyo, matutulog na lang ako,” saad ni Vivian nang makalapit si Miles. “Dalhan n’yo na lang ako ng green tea.” Pasimpleng kumindat sa kanya ang babae.

“Are you sure?” tanong ni Miles pero hawak na nito ang braso niya at paalis na sila.

“Sure ako kasi nasa may pinto na kayo.”

Natawa si Faye sa hirit ni Vivian.

Palabas na sila ng elevator sa ground floor nang makita niyang papasok sa lobby si Lemon. Kaswal ang hitsura nito—naka-faded jeans, t-shirt na may *The Cure*, at Converse. Para lang itong estudyanteng naligaw sa building na iyon.

“Si Mr. Benitez!” bati agad ni Miles. “Parang manonood lang ng sine sa mall,” komento nito.

Gusto niyang matawa pero tumahimik lang siya.

Nakita siya ni Lemon. “Hi!” Nag-wave ito sa kanya. Ngumiti si Faye.

“Good evening, Sir!” bati ni Miles. Binilisan naman niya ang lakad.

“Going out?” narinig niyang tanong ni Lemon.

“Coffee lang, Sir,” sagot ng kasama.

Lumabas na siya ng building. Katabi lang nila ang *Starbucks*. Sa isip ni Faye, bahala na si Miles na humabol sa kanya dahil mukhang gusto pang mag-PR ng lalaki sa bagong boss. Mayamaya lang ay nasa tabi na niya si Miles sa counter.

“Iba talaga kapag mayaman ’no? In an instant ay may kompanya ka. Petiks petiks lang,” anito habang pumipili ng oorderin. Mocha ang inorder niya at chicken pesto sandwich.

“Sure ka ba talagang siya ang may-ari?” tanong ni Faye matapos magbayad si Miles. “Baka naman parents niya.” Hindi pa rin kumbinsido si Faye.

“Sa kanya talaga. Kilala yata siya nung isa sa mga business partners ng dating may-ari. Natatandaan mo si Mr. McKenzie? ‘Yung Amerikano?”

"I remember him, pero akala ko consultant lang 'yun."

"Business partner din." Umupo sila sa isang bakanteng table. Madaming customers pero nakatiyempo sila ng puwesto sa bandang pinto iyon at kita ang mismong kalsada. "Anyway, taga-California si Mr. McKenzie and apparently, kilala niya si Mr. Benitez."

"Eh, di ba nasa fifties na si Mr. McKenzie?"

"Oo, pero wala namang pinipiling edad ang computer industry. Nanonood ka ba ng series na *Silicon Valley*?" Tumango si Faye. She was busy eating her sandwich. "Parang gan'un yata si Mr. Benitez. Bata pero binayaran ng malaking halaga for a program na ginawa niya."

Kanina pa siya naaasiwa tuwing tinatawag ni Miles ng Mr. Benitez si Lemon. Hindi talaga siya sanay.

"Whoa..!" narinig niyang bulong ng kausap. Akala niya ay kung napaano ito. Nakatingin ang lalaki sa labas ng *Starbucks*. Napatingin din siya kung saan ito nakatingin.

Nakita niyang may isang babaeng matangkad at sexy na nakatayo sa labas. Sa tindig at porma ay halatang isa itong model. Pagkatapos, lumabas sa building nila si Lemon at nilapitan ang babae. Agad na yumakap ang babae sa dati niyang schoolmate.

"Ang tindi ni Mr. Benitez! Si Isay Maristel ang dini-date?!" Nasa boses ni Miles ang inggit at paghanga.

Sino nga ba si Isay Maristel? The name sounded familiar.

Naalala na ni Faye. Napanood niya sa news na nanalo ang babae sa isang modeling contest abroad.

Nakita niyang tila may ibinulong si Lemon kay Isay at natawa ang dalaga.

*Sh*t, para akong nanonood ng isang French film.*

Lalong nanlaki ang mga mata nila ni Miles nang biglang halikan ni Isay si Lemon. Saka sumakay ang dalawa sa isang itim na *Ford Expedition*.

Bigla siyang nawalan ng ganang kumain. *Bad trip.*

8

She's That Girl

Ten years ago...

“Ano’ng ibig mong sabihin na hindi ka papasok sa school? Wala ka namang sakit, ah.”

Nakapameywang ang nanay ni Faye sa may pintuan ng kuwarto niya. Nakahiga pa rin siya at walang balak bumangon.

Sino naman kasi ang gaganahang pumasok? Eh, alam niya kung ano ang naghihintay sa kanya sa school matapos ang iskandalong ginawa ni Lemon sa induction ball.

’Nay, kung alam mo lang...

“Ang bigat ho ng pakiramdam ko... para akong magkakatrangkaso.” Nakakabigat naman talaga ng pakiramdam iyong eksenang paulit-ulit na nagre-replay sa kanyang utak.

Para pa rin niyang nakikita si Lemon na sumisigaw ng *“I love you, Faye!”* sa loob ng gym na puno ng mga

estudyante. Walang pasintabi, walang warning; basta na lang nagpasabog.

Paano ba mag-delete ng memory sa utak? Saan ba nakakabili ng selective amnesia?

Buwisit ka talaga, Lemon. Iniisip pa lang ni Faye kung anong klase ng panunukso ang mararanasan niya kapag pumasok siya ngayon, parang gusto na niyang mag-transfer sa ibang school. Siguradong uulanin siya ng mga praning niyang kaklase.

Napakunot tuloy ang noo niya.

“Gusto mo ng paracetamol? Uminom ka kasi ng maraming tubig saka calamansi juice.” Nakatingin sa kanya ang inang si Ditas. Tumagilid siya para hindi na makita ng nanay niya.

“Uminom na po ako... ng tubig.” Nagtalukbong siya. Nang maramdamang nakalabas na ng silid ang kanyang nanay ay saka siya nakahinga nang maluwap.

Hindi siya mahilig um-absent. Sa katunayan, lagi siyang perfect sa attendance. Ngayon lang siya um-absent dahil kailangan niyang pagplanuhan kung paano haharapin ang iskandalong kinasasangkutan. Sa totoo lang, gusto niyang ipatawag sa Principal’s Office si Lemon. Pero alam niyang dededmahin lang siya ni Mrs. Teodosio. Baka nga masabihan pa siyang OA.

Tumunog ang cellphone niya, agad niyang kinuha iyon at binasa ang message.

WHERE ARE YOU? Galing kay Precious ang text.

Natawa siya. *All caps talaga? Sumisigaw?*

Nag-text back siya sa kaibigan. *HOUSE.*

Mayamaya, muling tumunog ang kanyang cellphone. *ANDITO SI MRS. BENITEZ! HINAHANAP KA!*

Muntik nang mabitiwan ni Faye ang telepono. Bakit ako hinahanap ng mommy ni Lemon?

Feeling niya, biglang umikot ang paligid. Parang kakapusin siya ng paghinga. Bakit siya hinahanap ng mommy ni Lemon? Ano'ng kasalanan niya?

Pakiramdam ni Faye ay nagkaroon siya ng panic attack nang wala sa oras.

Bakit daw? text niya kay Precious.

Bumangon na siya at lumabas ng kuwarto. Kailangan niyang uminom ng malamig na tubig. Ang aga-aga pero pakiramdam niya ay gabi na at binabangungot siya.

Di namin alam. Pumunta ka na dito dahil baka diyan ka pa puntahan sa bahay ninyo.

Dali-dali niyang sinagot ang text ni Precious. Oo na. *Wait for me at the gate.*

“Akala ko ba masama ang pakiramdam mo?” tanong ng ina nang makita siyang nakabihis at nagkukumahog sa paglagay ng mga gamit sa school bag.

“Okay na po, 'Nay. Effective 'yung paracetamol,” aniya saka tumakbo palabas ng bahay.



Nasa gate ng school ang mga barkada ni Faye nang bumaba siya ng tricycle. Hindi na siya naglakad dahil ayaw na niyang humaba pa ang kanyang pagdurusa. Habang nasa tricycle, naisip niya na mabuti na ring harapin niya ang mga tao ngayon kaysa bukas or next week pa. Hindi naman siya puwedeng mag-alibi na may sakit araw-araw kasi mas malakas pa siya kaysa sa kalabaw.

“O girl, cool ka lang ha. Huwag kang kakabahan,” bilin ni Precious na agad humawak sa kanyang braso. “Magdasal ka muna bago pumasok sa loob.”

“Ano ba, Precious, lalo akong kinabahan sa sinabi

mo!" Pumasok na siya sa loob ng school. Nakasunod sa kanya sina Precious, Nette, Jeselee, Emily, at Joyce. Pinagtitinginan siya ng ilang third year students. Ang mga bagets na halatang first year students ay nagbulungan nang makita siya.

"Oo, parang pelikula talaga... sumigaw sa gym!"

"Bakit daw? Ano ba'ng ayaw niya kay Lemon? Di naman siya gaanong maganda, di ba?"

"Kay Diego ako bumoto, hindi sa kanya. Buti na lang kasi di pala siya nice."

"Di ba tomboy 'yang si Faye?"

"Ang suwerte niya kapag naging sila ni Lemon 'no?"

Gusto niyang sagutin isa-isa ang mga malditang nag-uusap-usap but she decided to keep quiet. Daig pa niya ang naglalakad sa alambre na may apoy sa ilalim. Naisip tuloy niya si Jose Rizal noong umagang binaril sa Luneta. Naglakad din ang National Hero mula Intramuros patungong Bagumbayan.

So ganito pala ang feeling? Sh*t.

"Wala naman akong kasalanan, ah! Kung merong napahiya nung Friday night, ako 'yun," baling niya sa mga kaibigan. She was a few steps away from the principal's office.

"Mag-sign of the cross ka muna. Dito na kami," sabi ni Jeselee. "We'll pray for you."

"Ano ba!" Pumasok na siya sa loob ng opisina.



"Faye, halika!" Sumenyas si Mrs. Teodosio sa kanya para pumasok siya. "Have a seat."

I'm in a gas chamber. Lyon agad ang pumasok sa isip niya nang umupo.

Nagtaka siya; wala namang kasama sa opisina ang kanilang principal. Akala ba niya nandoon si Mrs.

Benitez?

“Ayaw na raw pumasok ni Lemon Benitez dito sa school,” direktang sabi ni Mrs. Teodosio. “Ano ba talaga ang nangyari sa inyo?”

Nangyari? Hello? Ako lang ba ang present sa gym?

Pero hindi siya sumagot sa kanilang principal.

“I don’t usually ask this kind of question kasi ayokong nakikialam sa lovelife ng mga estudyante but I’m making an exception,” sabi pa ni Mrs. Teodosio. Napakurap ang dalaga. “Kasi lahat ng problema ay napag-uusapan naman nang maayos, right, Faye?”

“Kanino po bang lovelife, ma’am?” Gusto na niyang mapikon. Sa loob-loob niya, imbentor ba itong principal nila? As in nag-iimbento ng eksena?

“Nagpunta dito si Mrs. Benitez. She told me na nasaktan daw si Lemon dahil sa ’yo kaya ayaw nang pumasok sa school. Napahiya daw ang anak niya.”

“Ma’am, you were there po. Ako ang napahiya!” Hindi na niya napigilan ang sarili. “Siya ang sumigaw sa mic, hindi ako.”

“In love daw sa ’yo si Lemon pero binasted mo.” Hindi makapaniwala si Faye sa sinasabi ng kaharap. Para talagang siya pa ang may kasalanan. “Sana hindi mo naman siya binigla, hija. Mabait ’yung batang ’yun.”

At ako hindi? Hindi ako mabait?

“Ma’am, mas bata po sa akin si Lemon, and besides, wala pa po akong balak mag-boyfriend. And I cannot believe we’re actually discussing this right now, considering it’s a personal matter and a personal choice.” Binigyan niya ng diin ang huling dalawang salita, hoping na ma-gets iyon ni Mrs. Teodosio.

“Ang sa akin lang naman, I want my students to live a harmonious life. No need for drastic moves.

Come on, you're the student council president. Be a leader and be a friend."

Ano raw? Ma'am, okay ka lang? Bago pa siya nakasagot sa principal, biglang bumukas ang pinto ng office at pumasok ang isang sosyal, elegante at intimidating na babae. Kahit hindi pa sila naipapakilala nang pormal ay kilala na niya kung sino iyon.

"Mrs. Teodosio, I spoke with my son's homeroom adviser. I will let you know our decision tomorrow." Napatingin sa kanya ang babae. "Is she...?"

Nakita ni Faye na tumango si Mrs. Teodosio. Tiningnan siya ni Mrs. Benitez from head to toe. "So you are that Faye."

"Po?" Bigla siyang na-conscious. "B-bakit po, ma'am?"

"Wala naman. It's good to finally see you." Lalo siyang nalito. "I've been meaning to see the girl who broke my son's heart."

1

Breaking the Ice

At present...

Nasa loob ng elevator si Faye. She was just waiting for the door to close pero may kamay na humarang.

“Wait up!” Bumukas ang elevator door at nakita niyang nakangiti si Lemon. “Hey there,” anito.

“Hi.” Hindi niya alam kung paano ito babatiin. Technically ay boss niya ang lalaki pero dapat ba niya itong tawaging ‘Sir’?

“How are you?” Kaswal lang si Lemon, ngumiti pa nga. The door closed at nagsimula nang umakyat ang elevator. Silang dalawa lang ang sakay.

“I’m good. You?” Isang linggo na mula noong huli niya itong nakita sa labas ng building kasama si Isay Maristela.

“I’m actually good, thanks.” Tumahimik na si Lemon.

Hindi naman mapakali si Faye. It was awkward

dahil hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Akala niya noon ay awkward na ang sitwasyon nila ni Lemon pero mas mabuti pa pala noon kasi nakakapa pa niya ang sitwasyon. Hindi tulad ngayon.

“So...” narinig niyang sabi ng katabi. “We never really had the chance to talk since I arrived, ’no?” Paglingon niya ay nakatingin sa kanya si Lemon.

“Oo nga. Busy ka kasi.”

“I know. Everything’s spinning and I’m just trying to catch up.”

Kaya pala may time kang makipag-date, sa loob-loob niya. Agad niyang sinaway ang sarili. Ano ba ang pakialam niya sa social life ni Lemon?

“How about breakfast tomorrow?”

“Ha?” Nag-isip pa siya. *Hello, Faye? Breakfast lang ’yan!* “S-sure, why not?”

“I’ll see you then.” Eksaktong bumukas ang elevator sa floor nila. Lumabas na si Lemon at dere-derecho ito sa sariling office.

Nakatanga lang si Faye na parang hindi pa rin makapaniwala.

“Girl, okay ka lang?” Nakatayo si Vivian sa harap niya at nakakunot-noo. “Tulala?”

“Magbi-breakfast kami ni Lemon bukas ng umaga,” bulong niya sa babae. Muntik na itong mapatili kaya hinila niya. “Ano ba, kalma!”

“Na-excite ako! Oh, my gosh! ’Pag nag-propose uli, sagutin mo na, ’day! Pakasal ka na agad para ikaw ang first lady nitong kompanya. ’Tapos, i-promote mo akong manager, dali!”

Natawa si Faye sa pinagsasabi ng kaibigan. “Viv, breakfast lang ’yun. Baka nga sa *McDonald’s* lang kami kumain.” Nagtungo na sila sa working station.

"No way! S'abi mo high school pa lang kayo, galante na 'yang si Lemon, di ba? I'm sure dadalhin ka niya sa sosyal na restaurant!"

"At six a.m.? Okay, matatapos pa lang pala ang shift ko n'un kaya mga seven a.m. pa ang breakfast. Wala pang bukas na mall. Or restaurant."

"Ano ka ba, of course meron. Ang nega ha?" Umupo na si Vivian sa table nito.

Natawa na lang si Faye. Pero deep inside, magkahalong kaba at excitement ang kanyang nararamdaman.



"Welcome to *The Peninsula Manila*," nakangiting bati ng concierge sa kanila. "Enjoy your stay."

"Sa Escolta please," ani Lemon. "We're here for breakfast." Ngumiti ang concierge sa kanila at iginiya sila patungo sa dining area.

Level-up ang kasosyalan, hindi napigilan ni Faye na isipin. Kung sabagay, kung kaya nga nitong bumili ng isang call center, breakfast pa kaya sa hotel?

"You seem happy," komento ni Lemon na nakatingin sa kanya.

"Wala, may naisip lang ako." Agad silang binigyan ng corner table.

"What would you like to eat?"

"Di ba, buffet ito?" Napatingin siya sa mga pagkaing nakahilera. May ilan nang kumukuha ng pagkain.

"Yeah, but I was thinking na ako na ang kukuha at umupo ka lang dito."

"No, it's okay. Ako na ang kukuha. Gusto ko ring makita kung ano ang mga pagkain." Bakit ba siya biglang kinilig sa ideya na ikukuha siya ni Lemon ng

pagkain? “First time kong mag-breakfast dito.”

Tumayo na siya bago pa makasagot ang lalaki.

International ang breakfast buffet sa Escolta ng Manila Pen. Pero pinili pa rin ni Faye ang Filipino breakfast. Kumuha siya ng fried rice, sweet and spicy beef tapa, sliced tomatoes, scrambled egg at fresh orange juice. Pagtingin niya sa plato ni Lemon ay ganoon din pala ang kinuha nito. Nagkatawanan sila and somehow, that broke the ice.

For the first time, nakapag-usap sila like normal people, almost like friends, considering their past.

Wala kaming past, sa loob-loob ni Faye habang nakatingin sa binata na nagkukuwento. Ganito na ba kaganda ang mga mata nito dati pa? Nakita kasi niyang makapal at mahaba ang eyelashes ng lalaki.

“So okay ka naman sa work mo?” narinig niyang tanong ni Lemon.

“Okay naman so far.” Bakit parang ang guwapo na ng lalaking ito? Dati naman parang hindi.

“You know I never imagined you to be working in a call center.”

And I never imagined na magiging ganito ka ka-hot.

“Bakit naman?” *Bakit kung anu-ano ang pumapasok sa utak ko? Sh*t.*

“I actually thought na papasok ka sa politika or something. Or take up Law maybe? I don’t know, parang gan’un.”

“Dahil nasa student government ako before?” Tumango si Lemon, saka uminom ng orange juice. “Well, high school pa ako n’un. Dreams change. Things change,” sabi ni Faye.

“Some things don’t.” Ngumiti ito, saka nagpatuloy ng pagkain.

Ano ang ibig nitong sabihin? Biglang na-tense si Faye. Kaya ba siya in-invite ni Lemon ay para sabihing 'nothing has changed'? Na gusto pa rin siya nito?

Kumabog ang dibdib ng dalaga.

"Ikaw nga din, eh," nasabi niya bago napigilan ang sarili. "I mean, ang s'abi nila nag-design ka daw ng mga apps or program sa computer? 'Yun lang ang dinig ko... di ko alam kung tama."

Natawa si Lemon. "Well... yeah, I created some programs. Ibinenta ko rin."

"Eh, di malaking pera yun!" She stopped. "I mean, napanood ko kasi sa TV 'yung mga gan'un... binibili ang software program."

"Medyo." Ngumiti lang si Lemon. "Okay lang."

Quota ka na sa kakangiti, baka matunaw na ang puso ko, ano ba!

Bakit ba siya apektado sa mga ngiti ni Lemon? Si Lemon lang ito!

"Bakit ka pa bumalik sa Pilipinas kung okay naman pala ang life mo sa States? I mean, mayaman din naman kayo sa atin pero alam kong mas malaki ang pera sa technology."

"Sina Mommy lagi ding umuuwi dito."

"Ahh.... kaya pala umuwi ka din."

"Yeah. That, and something else."

"Ano 'yun?" usisa ng dalaga.

"I'm getting married."

10

The Girl Who Broke Lemon's Heart

Ten years ago...

'The Girl Who Broke Lemon's Heart.' Iyon ang mabilis na kumalat sa campus. Within hours ay binansagan si Faye ng mga estudyante sa *St. Therese Catholic School*. Paano naman, may mga nakasilip pala kasi sa office ng principal noong magkita sila ni Mrs. Benitez at may nakarinig sa naging pahayag nito.

"I've been meaning to see the girl who broke my son's heart." Iyon ang exact words ni Mrs. Benitez na pinag-usapan ng lahat, at naging paboritong linya ng mga bading sa school nila.

Wala namang sampalang naganap sa loob ng principal's office. In fact, matapos siyang tingnan ng mommy ni Lemon ay umalis na ito. The woman treated her like a lesser mortal.

The next day, may mga nagbatuhan ng dialogue pagdaan niya... na para bang may malaking kasalanan

siyang ginawa at hindi na kailan man mapapatawad.

"But, madam, I love your son!" Sa lakas ng boses ng nagsalita, obvious na si Faye ang pinaparinggan.

"Hindi totoo 'yan! You broke my son's heart. Kaya dapat kang parusahan!"

"Pedring, sunugin ang babaeng 'yan!"

Saka nagtawanan ang mga hitad.

"Malapit ko na silang patulan," bulong niya kay Precious habang naglalakad patungong student council office. Nakatingin siya sa grupo ng mga second year students.

"Gusto mo, sampalin ko isa-isa ang mga 'yan? Fifty pesos lang naman yata ang multa bawat isang sampal, di ba?"

Hinila niya palayo ang kaibigan. "Ano ba, ang bayolente mo! Ang ibig ko lang namang sabihin na papatulan ko sila ay sasagutin ko. Ikaw, sampal agad eh."

"Para aksyon na agad."

Natawa siya sa kaibigan.

Pagpasok nila sa student council office ay naroon ang iba nilang kabarkada. "Ayos, ah, nauna pa kayo kesa sa mga tunay na officers."

"Ang ingay kasi sa canteen, hindi ako makapag-review," sagot ni Joyce.

"Buti dito, may aircon," segunda naman ni Jungie. "Mainit sa labas eh."

"So ginawa n'yong tambayan itong student council office. Baka mamaya, madagdagan pa ang mga haters ko."

"May haters ka?" tanong ni Emily. "Bakit?"

Umupo si Faye. "Dahil kay Lemon! Mga loyalista niya. Ewan, pasimuno ng kulto!" Hindi niya maintindihan

kung bakit siya ang inaaway gayung siya ang napahiya. “Yung mommy din kasi niya, kung makapag-dialogue parang aping-api ’yung anak niya. Inaano ba siya?”

“Binasted mo daw kasi,” natatawang sagot ni Joyce kahit nagsusulat sa notebook. “Ikaw na ang maganda.”

“Nand’un kayo! Siya ang sumigaw sa gym. Siya ang nagpahiya sa sarili niya, ’tapos ako ang masama? We live in a twisted universe.”

“Ewan ko sa inyo; sa universe ko, maayos naman. Walang gulo. At higit sa lahat, ako lang ang flawless,” hirit ni Ayie.

Napabuntong-hininga si Faye. Siguro nga ay mundo lang niya ang twisted. Bakit sa kanya nangyayari ito? May kasalanan ba siya sa past life niya kaya heto, magulo ang kanyang present life?

“Parang ako lang yata sa history ng *St. Therese Catholic School* ang student council president na nabully ng student body,” sabi niya mayamaya. “Imagine, ’yung mga lintek na second year na ’yun, ang titigas ng mukha na magparinig sa ’kin!”

“Eh di kausapin mo si Lemon, para pagsabihan niya ang mga alagad niya na tigilan ka,” suhestiyon ni Nette. Nagbabasa ito ng pocketbook sa isang sulok habang nakataas ang paa.

“Naisip ko na nga rin ’yun,” sang-ayon ni Faye. “Pero kapag lumala na lang.”

“Define ’malala,” sabad ni Orven nang hindi tumitingin. Busy ito sa pagbabasa ng isang sports magazine.

“Kapag nag-rally na sila sa labas ng school?” natatawang ani Ayie. “Or ginawan ka nila ng effigy na may sungay saka sinunog sa plaza!”

“Kapag ’yung pader sa may shopping center exit

ay napuno ng vandalism na ang nakalagay, 'We hate you, Faye,' " hirit ni Jungie. "Puwede na sigurong ma-classify 'yun as malala."

"I swear, may makita lang talaga akong effigy o nakasulat na ganun sa wall, dadalhan ko sila ng pesticide! Isa-isa kong silang i-spray-an!"

"At ako ang bayolente? Ako?" ani Precious. "Ako, mananampal lang. Ikaw, mamumuksa gamit ang lason? Talagang twisted ang universe 'no?"

Nagtawanan ang lahat.

"Sige na nga, makikipagbati na ako kay Lemon. Tatal, ako naman ang matured, ako naman ang mas nakakaintindi. Makikinig na lang ako sa sinabi ni Mrs. Teodosio na I should also be a friend," she said after a few minutes.

"A brilliant man would find a way not to fight a war," sagot ni Orven, na ibinaba ang binabasa at napatingin sa kanila. "That's coming from Admiral Yamamoto."

"Yung may treasure?!" sabay na tanong nina Jeselee at Jungie. "Or yung gumawa ng vetsin?"

Napasimangot si Orven. "'Yung Japanese character sa pelikulang *Pearl Harbor*." Bumalik na ito sa pagbabasa ng magazine.

Nagtawanan ulit sila.

"Gusto mo, samahan kita sa bahay nila? Matagal ko nang gustong makapasok d'un," saad ni Jeselee "Magkalapit sila ng bahay ng tita ko na nasa America."

"Di ba 'yung bahay nila eh, 'yung white house na papasok pa sa private road? 'Yung may malaking acacia?" tugon ni Jungie.

"Ewan ko," sagot ni Faye. "Kung sino ang puwede, samahan n'yo na lang ako bukas."



Nahirapan sina Faye na makapunta sa bahay nina Lemon. Bukod sa papasok sa private road, wala ring ruta ng jeep na dumadaan doon. Napilitan tuloy silang mag-arkila ng tricycle.

“Sandali lang kayo, di ba?” tanong ng driver sa kanila. “May susunduin pa kasi ako sa kabilang bayan.”

“Mga fifteen minutes lang. Nagbayad naman kami ng one fifty eh.” Ni hindi ngumiti si Faye. Buwisit agad siya sa driver. Ni hindi pa nga sila nakakababa, inoorasan na sila? Ano 'to, taxi? De-metro?

“Ipa-reimburse mo na lang sa kanya 'yung pinang-arkila sa tricycle,” bulong ni Jungie nang makababa sila.

Nakatayo sila ngayon sa labas ng isang malaki at mataas na gate.

“Baka ihatid tayo ng driver niya. Kalahati na lang bayaran natin.” Si Jeselee.

“Huwag kayong maingay, baka mamaya, may mic 'yung CCTV.” Itinuro ni Ayie ang dalawang camerang nakakabit sa malaking gate. “Baka sabihin, ang cheap natin.”

“Cheap naman talaga tayo compared sa kanila,” tugon ni Jungie na napahagikhik.

Nagulat sila nang biglang tumalon si Jeselee.

“Napa'no ka?” tanong ni Faye.

“Di ko maabot ang doorbell, eh,” sabi nito.

Nagkatinginan sila. Tapos, napatingin sila sa sinasabi ni Jeselee.

“Eh hindi naman doorbell 'yan! Malaking screw na may style, buwiset ka!” sabi ni Ayie na lumapit sa poste ng gate. “Eto ang doorbell o!” Pinindot niya iyon nang tatlong beses saka sila naghintay.

Five minutes na pero hindi pa rin nagbubukas ang gate. “Baka walang tao,” sabad ng tricycle driver.

Susupalpalin na sana niya ito nang bumukas ang maliit na pinto sa may gilid ng gate. Isang naka-uniform na maid ang nakatingin sa kanila.

“Ano po 'yun?”

“Good afternoon, ate. Si Lemon po?” tanong niya.

“Si Lemon?” Kumunot ang noo ni Ate.

“Di ho ba ito ang bahay nila?” sabi ni Jungie.

“Eto nga.” Nakakunot pa rin ang noo ng maid.

“Puwede ho ba namin siyang makausap?”

“Umalis kagabi. Nagpunta ng America. Doon na daw titira.”

Shocked silang lahat.

11

The One that Got Away

At present...

“M-Manong, puwede ho bang patayin n’yo na po ‘yung radyo? Di ko na po kaya.”

Feeling ni Faye ay hinihiwa ng kanta ang puso niya. Ang sakit na. Ang sakit-sakit na, nyeta.

Ikakasal ka na, iiwan na akong nag-iisa

Dati ang pag-ibig mo ay akin lamang

Ikakasal ka na pala, paano na ang puso kong ito?

Bakit ang damdamin mo, kay daling nagbago?

Napalingon ang taxi driver kay Faye, kunot ang noo. “Naku, theme song ko pa naman...” Hindi na natapos ng driver ang sinasabi nang makita siyang umiiyak. Agad nitong pinatay ang radyo. “Pasensya ka na, ineng. Di ko alam na may pinagdadaan ka.”

Lalong tumulo ang kanyang luha. Patuloy ang kanta sa utak niya! Lintek na last song syndrome to. Napatingin siya sa labas ng bintana.

Bakit ba ako umiiyak? Wala akong dapat iyakan, bwisit. Para pang nananadya ang panahon dahil gloomy ito; mukhang babagyo pa. Lalong sumakit ang dibdib niya. Parang ang sama ng loob na hindi naman niya maintindihan kung bakit.

"I'm getting married." Nag-replay na naman sa utak niya ang sinabi ni Lemon nung mag-breakfast sila sa Manila Peninsula. That was three days ago pero parang nakikita pa rin niya ang eksena. Parang first showing lang sa sinehan!

"Wow... talaga?" sabi niya sa binata. Nawalan na siya ng gana pero inubos pa rin niya ang pagkain sa plato. She felt like throwing up pero dinaan na lang niya sa orange juice ang lahat. *"Congratulations."*

"Thanks," sagot naman ni Lemon. He had no idea na naapektuhan siya sa balita. Kung bakit ay hindi rin niya alam.

"How about you? Kelan ka mag-aasawa?"

Natawa si Faye. *"Naku, wala pa. An' dami ko pang gustong gawin sa buhay kaya wala pa sa isip ko 'yang pag-aasawa."*

"Really?" Tumango siya. *"Buti hindi ka pini-pressure ng boyfriend mo?"*

She was about to answer na wala siyang boyfriend pero biglang tumunog ang cellphone niya. It was Nette, and she silently thanked her friend for saving her. Kakapasa pa lang ng babae sa medical board at sa Manila Doctors Hospital ito nag-du-duty. Tulad niya ay graveyard shift din si Nette kaya hindi na siya nagtaka na maaga ito tumawag.

"Magbubukas na ang sports bar ni Orven sa weekend, huwag mong kalimutang pumunta ha? Magpapa-swap nga lang ako ng shift para makapunta. Kaya ikaw din ha,

huwag kang mawawala.”

She just said yes sa lahat ng sinabi ni Nette kasi nakatingin sa kanya si Lemon the whole time she was on the phone.

“That was... my boyfriend. Hinahanap na ako,” Faye lied. Wala na kasi siyang maisip na sabihin. Ang nasa utak lang niya ay ikakasal si Lemon, samantalang siya ay wala man lang boyfriend.

“Oh, sorry. I didn’t realize that you two were living together,” ani Lemon.

“No. I mean, tumawag lang siya to ask kung nakauwi na ako.” Hindi niya maintindihan kung bakit nagpapaliwanag siya.

“Pero tapos na akong kumain.”

“Ako rin.” Iyon lang at tumayo na sila.

Gusto sana ni Lemon na ihatid pa siya. She declined politely.

“Malaking abala na. But thank you. I appreciate it. At salamat sa breakfast,” sabi niya.

Hindi na nag-insist pa ang lalaki, which was a good thing kasi naging emotional siya nung umuwi. Naiyak siya sa taxi!

At ngayon, after three days ay naiyak pa rin siya. Ang pathetic na niya pero hindi niya mapigilan ang sarili.

What is wrong with me?



“Oo nga. What is wrong with you?” Nakapamaywang si Precious. “Tawa na kami nang tawa dito, ikaw naman parang istatwa! Tulala?”

Nasa CUBS Sports Bar and Restaurant silang magbabarkada. Soft opening ng negosyo ni Orven at required silang lahat na pumunta. Si Joyce na hindi

nila nakasama noong mag-dinner a few weeks ago ay present kahit kararating lang mula Europe. Dumerecho na ito sa Burgos Street sa Makati kung saan naroon ang naturang sports bar.

“May kinalaman na naman ba ito kay Lemon?” tila naiinis na tanong ni Nette. “Utang na loob, ten years ago ay naging problema din natin siya. Don't tell me hanggang ngayon?”

“He's getting married.” Sabay-sabay na napa-“Ohhh” at “ahhhh” ang barkada niya. “We had breakfast the other day.” Lalong umingay ang lahat.

“Breakfast? Did you spend the night with him?” tanong ni Emily.

“Paano nangyari?!” Si Precious, napainom ng tubig.

“Malandi ka ha, hindi ka nagsasabi!” Si Ayie, nakapamaywang ang isang kamay at hawak ang bote ng *San Mig Light* sa isang kamay. “So magiging donya ka na?”

“Nag-breakfast lang kami. As in kumain lang. And then sinabi niyang mag-aasawa na siya.” Narinig na naman ni Faye ang kanta sa utak niya. *Ikakasal ka na, iiwan na akong nag-iisa...* “And I don't understand kung bakit bigla akong nalungkot! Is this normal?”

Nagkatinginan ang mga kaibigan niya.

Si Orven ang nagsalita. “Are you in love with him?”

“No! Hindi, ha!” She gave a nervous laugh. “Hindi ko naman siya gusto 'no.”

“Yun na nga, eh. For the longest time ay hindi mo siya gusto,” ani Precious.

“Saka an' dami ko namang naging boyfriend after high school, di ba? Iba ang type ko. Nakilala n'yo naman lahat.”

“Oo, may listahan nga kami.” Sarcastic ang tono ni

Ayie. Sumimangot si Faye kaya natawa ang kaibigan.

“So bakit para kang affected nang todo ngayon?”
tanong ni Jungie.

Wala siyang maisagot.

“It’s either luka-luka ka,” sabi ni Nette. “O noon pa man, gusto mo na siya. Hindi mo lang inaamin sa sarili mo.”

“Ay, parang kanta ni Katy Perry,” sabi ni Jeselee.

I should've told you what you meant to me

'Cause now I pay the price

In another life, I would be your girl

We'd keep all our promises, be us against the world

In another life, I would make you stay

so I don't have to say you were the one that got away...

Tila nag-e-echo sa tainga niya ang kanta.

Sh*t, ang sakit.

12

Symbol of Love

Ten years ago...

Ilang buwan nang wala si Lemon sa *St. Therese Catholic School* pero kapag nakikita ni Faye ang mga classmates ng lalaki, o kapag napapadaan siya sa classroom ng Sophomore Section 1, para pa rin niyang nakikita ang makulit na bagets. Nagtataka rin siya kung bakit lately ay parang madalas niyang naaalala si Lemon.

Nakaka-miss din pala, naisip niya nang may makitang mga first year students na nagliligawan. Naglalakad siya noon papuntang student council office. Nag-abot ng chocolates ang lalaki sa babae at nagtilian naman ang mga barkada ng babae.

One time naman ay nasa library si Faye at gumagawa ng report. Nauna siya sa mga kaklase dahil kumain pa ang mga ito sa canteen. May mga nagbubulungan sa kabilang table at dinig na dinig

niya ang usapan.

“Kelan kaya ako bibigyan ni Teddy ng chocolate?” anang isa sa grupo. “Kahit Choc-Nut na nga lang, okay na. O kahit isang Stick-O na lang.”

“Ako naman, gusto ko bigyan ako ni Darrel ng bulaklak. Kahit isang white rose lang!” sabad ng isa. “Actually, kahit pinitas na gumamela na nga lang, eh.”

“Asa ka pa? Bihira na ngayon ang mga lalaking nagbibigay ng bulaklak!” Nagtawanan ang magkakabarkada. “Panahon pa ng Kastila ang mga ganyan!”

May kilala ako, hindi lang roses and chocolates ang binibigay, gusto nang sumabad ni Faye pero tahimik lang siya.

Napapangiti siya sa topic.

“Bakit kasi nagbo-boyfriend kayo ng mga kuripot at hindi romantic? Piliin n’yo ‘yung may pera!” sabad ng isa pa.

“Eh baka naman D.O.M. ang ibig mong sabihin?”

“Hindi! ‘Yung katulad nung bagets na nag-transfer dito dati? ‘Yung nawala din?”

“Si Lemon? Mayaman ‘yun, eh, ‘no?”

Natigilan si Faye. Pati yata pagtibok ng puso niya ay tumigil nang marinig ang usapan.

“Shhh.... huwag kayong maingay. ‘Ayan yata ‘yung niligawan ni Lemon,” narinig niyang saway ng isa.

“Binasted n’ya ‘yun, di ba?”

Biglang natahimik ang lahat. Nagpatuloy si Faye; nakayuko lang habang nagsusulat. Ramdam niyang pinagtitinginan siya.

“Kapal ng mukha, ‘no? Sana binigay na lang sa ‘tin!” Sumang-ayon ang grupo saka naghagikhan.

Di na nakatiis si Faye. Tumayo siya at lumabas ng

library. Tuluyan nang nasira ang araw niya.



Araw ng Christmas Party sa buong *St. Therese Catholic School*. Napagkasunduan ng student council na gawing special, kakaiba at memorable ang naturang celebration para sa lahat. Instead of the usual fiesta-themed lunch na laging ginagawa sa malaking quadrangle—complete with banda, banderitas at parlor games, nahikayat ni Faye ang lahat, sa pangunguna ng mga council officers, na gawing ‘Winter Christmas’ ang theme ng party at sa gabi iyon gawin.

Bago ang actual na party ay dalawang araw na isinara ang gym ng school para magawa ng iba’t ibang committees ang kanilang trabaho. Si Ayie ang itinalaga ni Faye na in-charge sa production design. Sina Precious at Jeselee naman sa catering, sina Jungie at Nette ang natoka sa program and entertainment, si Orven sa sounds and lights at sina Joyce at Emily naman ang in-charge sa mismong gate. Ilang estudyante mula sa iba’t ibang section ang tumulong na rin. Maging si Diego ay nag-volunteer na tumulong.

Kaya naman bago magbukas ang gate ng gym nang gabing iyon ay tuwang-tuwa si Faye habang nakatingin sa paligid. Sa isang iglap ay para talagang may snow sa loob ng gym. Namumuti iyon at puno ng colored Christmas lights. May isang malaking White Christmas tree sa baba ng stage.

“Parang totoong may snow dito sa atin!” maluhang sabi niya kay Ayie. “Saan ka kumuha ng mga decoration?”

“Di ba, pinag-donate ko ng tigdadalawang crepe paper na puti lahat ng estudyante dito?” nakangiting sagot ni Ayie. “Plus, may mga nag-donate pa, so

bongga, di ba?”

“It’s magical,” sabi niya.

“Buksan na natin ang gate, baka magwala na ang ibang estudyante,” ani Joyce na lumapit sa kanila. “Kanina pa nakatayo sa labas ‘yung iba.”

“Hintayin muna nating makapasok si Ma’am Teodosio,” sagot ni Jungie.

Mayamaya ay narinig na nila ang boses ng kanilang principal. Lumapit pa ito sa kanya at parang kinikilig.

“This is fabulous, Faye! Well done, team!” Pumalampak pa ang ginang habang nakatingin sa paligid. “Para akong nasa Chicago! It is indeed a White Christmas!”

Halos pareho rin ng reaction nito ang comments ng mga estudyante nang makapasok. They were all gasping in awe. Marami agad ang nag-unahan na makapagpa-picture sa malaking Christmas tree.

Nagkaroon ng masayang program. Bawat year level ay may kanya-kanyang presentation. Nang tapos na ang program at nakakain na ang lahat ay binuksan na ang dancefloor. Saka lang sila nakahingang magbabarkada.

“Gusto ko nang sumayaw.” Si Precious ang unang tumayo at hinila si Diego. “Samahan mo ‘kong sumayaw kung gusto mo pang mabuhay,” banta nito.

“Oo na. Takot ko lang na mabuntal mo.”

Natawa silang lahat. Sumunod na rin sa dancefloor sina Jeselee at Ayie.

“Ikaw? Di ka ba sasayaw?” tanong ni Nette sa kanya na kasama sina Jungie, Emily at Joyce.

“Naku, baka mamaya may drama na namang maganap sa dancefloor kapag ‘yang si Faye ang

pinapunta n'yo," sabad ni Jungie. "Remember, muntik magkagulo noon dahil sa kanya?"

"OA ha. Walang gulong naganap. Kaya dumadami ang version ng kuwento, paiba-iba kayo eh," saway niya sa kaklase.

"Oo nga naman," sarcastic na sagot ni Jungie. "Well, kausapin mo na lang 'yung principal. Umupo ka sa table nila para marinig mo ang mga comments nila."

"Tse! Wala kang kuwenta, Jungie. Kahit kelan, asido ka talaga!"

Tinawanan lang siya ng mga barkada niya at dumerecho na sa dancefloor.

Nagkasya lang siya sa panonood sa mga sumasayaw. Niyaya rin siya ni Diego pero tumanggi siya. Mas gusto ng dalagang tingnan lang ang mga schoolmates habang nagkakatuwaan sa dancefloor.

Alas dos na ng madaling-araw natapos ang Christmas party. Ayaw pa nga sanang umuwi ng iba pero itinaboy na sila ni Mrs. Teodosio.

Paglabas ng school ay nagulat sila nang makita ang familiar na *Ford Expedition* sa labas ng *St. Therese*. Agad na kumabog ang dibdib ni Faye.

"Oh, my! Di ba sasakyan 'yan ni Lemon?" tanong ni Ayie.

Nakatayo silang magbabarkada sa may gate dahil hindi pa sila makapag-decide kung sino ang unang ihahatid ng *Tamaraw FX* na ipinuslit ni Orven mula sa bahay nito.

"Baka bumalik na siya," hula ni Jeselee. "Christmas vacation naman, di ba?"

Bumukas ang pinto ng sasakyan. Lahat sila ay tila natigil ang paghinga.

"Miss Faye?" Ang bodyguard ni Lemon na si Mr.

Shades ang bumaba ng sasakyan. Bigla siyang na-disappoint. “May ipinabibigay po si Sir.”

“H-ha?” Bigla siyang pinagpawisan kahit malamig ang panahon. Nangatog bigla ang tuhod niya. “N-nasaan siya?” Lumapit siya sa sasakyan. Naramdaman niyang humakbang din ang mga kaibigan na nasa likuran lang.

“Nasa America ho. Hindi ho siya umuwi, pero ibinilin po niya na ibigay ko ito sa inyo.” May isang maliit na box na iniabot si Mr. Shades sa kanya.

“A-ano ’to?” Nanginig ng konti ang kamay ni Faye nang tanggapin iyon.

“Huwag nang maraming tanong, buksan mo na lang,” bulong ni Precious mula sa likuran niya.

“Sige po, ma’am. Merry Christmas po in advance.”

“Merry Christmas din,” sagot ni Faye. “Salamat, ha. P-pakisabi kay Lemon, salamat dito.” Itinaas pa niya nang bahagya ang box pero mabilis na hinablot iyon ni Precious.

“Precious Lielani, ano ba!” Full name na ang tawag niya rito kaya ibinalik sa kanya ang box. “Hindi makapaghintay?”

“Ang tagal mo kasi, masyadong pa-suspense. Buksan mo na!”

“Eto na nga!” Huminga muna nang malalim si Faye saka binuksan ang kahon. Narinig niyang napasinghap ang mga kaibigan nang makita kung ano ang laman niyon.

Isa iyong singsing na white gold, may maliliit na bato. Simple lang pero maganda at elegante. May maliit na note na nakasulat.

Keep this as a symbol of my love. Wait for me

because someday, I will marry you.

*Merry Christmas,
Lemon.*

Halos mabingi si Faye dahil sabay-sabay na nagtilian ang kanyang mga kaibigan. Napangiti siya.

13

Who's the Boss?

At present...

Nakahiga si Faye habang nagi-scroll ng mga contact numbers sa *iPhone* niya.

Sino ba ang puwede niyang tawagan para lumabas? Off niya sa trabaho at gusto sana niyang manood ng sine at tumambay sa mall. Pero wala naman siyang kasama. Hindi puwede ang mga kaibigan niya dahil puro busy. Kung puwede nga lang si Vivian ay niyaya na niya ang babae kaso busy ito sa anak.

Si Miles kaya? May number siya ng lalaki pero naisip niyang baka magulat ito kapag tinawagan niya. Nakatingin siya sa screen ng kanyang phone habang nag-iisip kung ite-text si Miles or hindi.

Ano kaya ang ginagawa ni Lemon ngayon?

Biglang naisip ni Faye ang lalaki. Ilang araw na niya itong hindi nakikita sa building, not that she'd been looking out for him. Baka busy ito sa pagpapalano ng

kasal. Gusto niyang isipin na hindi siya apektado pero may nararamdaman talaga siya.

Biglang nag-ring ang kanyang alarm clock. Nagulat siya at nabitiwan ang cellphone. In her attempt na masalo iyon, in-extend niya ang braso pero medyo kinapos sa paghawak. The phone's safe, except that, may naririnig siyang boses mula roon. To her horror, nakita niyang napindot pala niya ang call button at ngayon ay may sumagot na roon.

"Hello? Hello?" Lalong nanlaki ang mata niya nang makitang pangalan ni Miles ang nasa screen. As in ang lalaki ang natawagan niya! *Sh*t, ano'ng sasabihin ko?*

"Hello?" napilitan niyang sabi. "Miles?"

"Who's this please?" Napangiti siya; si Miles nga ang nasa kabilang line. Magkahalong kilig at hiya ang naramdaman niya bigla. Bakit kasi muntik pang mahulog ang phone niya?

"Si Faye 'to." Napapikit siya. "Pasensya ka na, napindot ko lang ang phone ko."

"Hey, Faye!" Biglang nag-iba ang tono ng boses ni Miles. "I didn't even know you have my number."

*Boom! Huli ka, balbon. Sh*t.*

"Ah, oo. Kasi one time, kakausapin sana kita about d'un sa isang training, eh wala ka, kaya hinanap ko ang number mo. Pero dati pa 'yun." *Tama pa ba ang pinagsasabi ko? Ayoko nang magpakita kay Miles, buwiset!*

"Buti you saved it."

"Oo nga, eh." *Crush kasi kita noon, haha!* Natigilan siya sa huling naisip. Hindi na ba niya crush si Miles ngayon? *Ano ba 'to, para akong lasing mag-isip.* Naguluhan na rin siya sa kanyang train of thoughts.

"Cool. So what are you up to? Off mo rin today?"

“Oo.” Wala na siyang maisip sabihin. Baka bigla niyang ma-recite ang abakada, mahirap na. “Sige, enjoy your day na lang.” She was about to press the end call button nang marinig niya ang boses ni Miles.

“Wait!” Inilapit uli niya ang phone sa tainga niya.

“Yes?”

“Do you want to hang out today? Gusto ko sanang lumabas.”

“Sige, wala din akong gagawin today.” *Dahil ayoko nang makinig sa mga sad songs.*

After their phone conversation, agad siyang naligo at nagbihis. Sabi ni Miles, sa Rockwell sila magkita at ayaw naman niyang magmukhang prepared sa outfit kaya nag-white shorts lang siya, pink blouse saka pink espadrilles at hand bag.



Pagbaba niya ng taxi ay agad niyang nakita si Miles na nakaupo sa isang coffeeshop sa labas ng mall. Kumaway ito sa kanya. Kumaway rin siya. Ilang metro na lang ang layo niya kay Miles nang tumunog ang kanyang cellphone.

“Hello?” Hindi naka-register ang number kaya hindi niya kilala kung sino ang nasa kabilang linya.

“Miss Faye Jomento?” Hindi rin siya familiar sa boses ng babae. “This is Melody from HR.”

“Yes po, ma’am?” Ang weird, bakit siya tinawagan ng HR nila?

“I need you to come to the office immediately. It’s urgent.”

“Today po?” Napatingin siya kay Miles na nakatingin din sa kanya. “Bakit po? I mean, I don’t understand.”

“There has been some changes in your position

as an agent. I'll discuss it with you personally. And you need to sign some papers, too."

"Am I being fired?" Kasi kung tanggal na siya sa trabaho, gusto niyang derechahin na siya at hindi na magpaligoy-ligoy pa.

Para makapaghanap na ng ibang trabaho, lintek.

"Just come to the office, okay?" Lyon lang at nawala na ang taga-HR sa kabilang linya.

Bigla siyang kinabahan. Pakiramdam tuloy niya ay pinapupunta siya sa principal's office.

"Who was that?" nagtataakang tanong ni Miles.

"Si Melody daw ng HR." Her mind was spinning. Bakit siya kailangang makausap ng HR? Alam naman niyang maayos ang trabaho niya sa call center.

"I know her. Kasabay kong pumasok 'yun pero hindi siya naging agent kasi sa Human Resources talaga siya. Bakit daw?"

"Pinapapunta ako ngayon." Tiningnan niya ang ayos niya. Hindi naman siya mukhang yagit pero hindi rin pang-office ang suot niya.

"Bakit ka niya pinapupunta?"

"Walang sinabi. Well, she mentioned something about some slight changes daw."

"Maybe that's a promotion!" ani Miles. "They're going to promote you as team leader!"

"You think so?" Sana nga promotion. "Pa'no 'yan? Pumunta daw ako ngayon, eh."

"It's alright. Let's hang out next time."

"Okay lang? Pasensya ka na ha."

"Gusto sana kitang samahan sa office kaso baka maging issue pa."

"Oo nga, huwag na. Ako na lang ang pupunta." Pumara si Faye ng taxi at meron naman agad na

huminto. “Sige ha, pasensya na uli and have fun na lang.”

Tumango lang ang lalaki.



Pagdating sa office, agad na dumerecho si Faye sa HR Department. Kakaunti lang ang mga taong nakasalubong niya. Iilan lang kasi ang may morning shift for the local accounts. Karamihan ng mga agents ay sa gabi pumapasok.

“Miss Melody?” aniya nang pumasok sa kuwarto ng HR.

“I’m here,” narinig niyang may sumagot. May apat na cubicle doon, nasa dulo at pinakamalaki iyong kay Melody.

“Good afternoon po.” It was three in the afternoon. Ni hindi na siya nagpalit pa, kung ano ang suot niya sa Rockwell ay ganoon pa rin ang damit niya nang magtungo sa office. “Sorry, I’m just wearing shorts, I was out kanina when you called. Alanganin nang umuwi pa to change.”

“Hi, Faye. It’s alright. Pasensya ka na din. Nagmamadali kasi si Boss kaya pina-rush niya ito.” May iniabot na ilang papel si Melody sa kanya. “You need to sign these papers para wala nang hassle.”

“Ano po ito?” Binasa niya ang nakalagay doon pagkatapos ay tumingin kay Melody. “Mata-transfer po ako? Saan? Bakit?”

“Ang gusto ni Boss, effective immediately ay sa kanya ka na magre-report kaya inayos na namin ang papers mo.”

“Sinong boss?” Biglang kumabog ang dibdib ni Faye. What if...

“Kay Mr. Benitez ka na daw magre-report.” Gusto

niyang tumambling sa narinig.

“What!” *Sh*t. Ano na naman ito?* “Ano’ng gagawin ko? I mean... hindi po ako secretary material.”

“I don’t think gagawin ka niyang secretary kasi may assistant namang naka-assign sa kanya.”

“I’m sorry pero naguguluhan ako. Hindi na ako agent, pero malabo din ang posisyon ko.” Baka naman gagawin akong janitress bilang parusa?

“Well, you could ask him directly,” tila paghahamon na sabi ni Melody. “Nagbilin din naman siya na papuntahin ka sa kanya as soon as possible. Nand’un siya ngayon sa office niya.”

“Okay. Thanks.” Alam ni Faye kung saan ang office ni Lemon kaya agad siyang nagpaalam. Susugurin na talaga niya ang lalaki.

Eh, ano kung siya ang boss? Madali lang ang mag-resign! Lintek.

14

Take this Ring

Ten years ago...

Hindi maamin ni Faye sa mga kaibigan na kinilig siya sa ibinigay ni Lemon. First time niyang makatanggap ng mamahaling regalo, singsing pa. Well, actually, doon siya kinilig sa nakakalokang note.

Para siyang nasa isang romance movie... na may pagka-fantasy kaya tinamaan siya ng kilig kahit ayaw niya.

Kaya noong Christmas vacation na iyon ng senior year niya ay mistula siyang luka-luka na laging nakangiti. Panay ang buntong-hininga niya kapag naaalala ang singsing na nasa loob lang ng kanyang kuwarto. Itinago niya ang singsing dahil kapag isinuot niya iyon, hindi niya alam kung ano naman ang sasabihin niya sa mga magulang niya sa kung kanino galing iyon.

Mas pinili niyang sa loob ng kuwarto lang iyon

pagmasdan kesa maging center of attention pa sa bahay nila.

“Ano, sumulat na ba sa 'yo si Lemon? May pinadala ba uli?” tanong ni Precious na siyang pinakainteresado sa lahat ng mga kaibigan niya. Halos araw-araw siya nitong hinihingan ng update tungkol kay Lemon. Minsan nga naiinis na siya. Wala naman kasi siyang maibalita.

“Wala! Busy 'yun malamang.” Nasa kalye sila at naglalakad papuntang palengke para bumili ng mga prutas at pichi-pichi para sa New Year.

“Busy? Bakit, ano ba siya? Executive ng kompanya? Di ba thirteen years old lang 'yun?”

“Fourteen na,” wala sa loob na sagot niya.

“Pa'no mo nalaman?”

“Bolang kristal.” Binilisan ni Faye ang paglalakad para hindi na makahirit pa si Precious. Mabuti na lang at nasa tapat na sila ng fruit stand ng kaklase nila. “Mavs! Pabili ng kalahating kilo ng ubas.”

“Uy. Buti dito n'yo naisipang bumili.” Kumuha ng plastic si Mavic saka naglagay ng ubas sa timbangan.

“Mavs, dagdagan mo ha?” hirit ni Faye.

“Siyempre naman. Quiet lang kayo kay Ate Judy, baka pagalitan ako.” Ininguso ni Mavic ang pinsan nito na nagbabantay rin sa fruit stand. “Alam n'yo naman 'yan, strikto. Baka matalakan ako.”

Habang pumipili siya ng iba pang prutas, muling nagsalita si Mavic pero pabulong. “Hoy, totoo bang pinadalhan ka ng engagement ring ni Lemon?”

Muntik na niyang nabitawan ang hawak na pakwan!

“Tayo-tayo lang naman ang nandito.” Humagikgik pa si Mavic.

“Sino’ng nagchismis niyan?”

Tumingin si Mavic kay Precious.

“Mavs, isang kilong mangga sa akin saka one-fourth na ubas,” agad na wika ni Precious. Halatang guilty!

“Precious Lielani!” Hindi makapaniwala si Faye na chinika ng kaibigan ang tungkol sa singsing. Hindi sa wala siyang tiwala kay Mavic, hindi naman ito chismosa. It’s just that... nakakahiya pa rin! “Ano na naman ang sinabi mo?”

“Eto naman... na-excite lang ako. Friend naman natin si Mavic, di ba?”

“Oo naman! Eto nga o, dadagdagan ko pa ’yung ubas n’yo. More pa?” ani Mavic.

Natawa na lang siya dahil ano pa nga ba ang magagawa niya?

Matapos magbayad sa mga pinamiling prutas ay nagpaalam na sila sa kaklase dahil nakita nilang palapit na si Judy.

“Naku ikaw, sa susunod talaga lalagyan ko na ng megaphone ang lalamunan mo!” sisi niya kay Precious habang pauwi. “Kanino mo pa chinika ang tungkol sa singsing?”

“Kay Ate Rena,” tukoy ng kaibigan sa pinsan nitong nakatira sa bahay ng mga ito. “Pero hindi ’yun magsasalita, promise. Kinikilig kasi talaga ako kaya sinabi ko.”

“Ako nga rin kinikilig, pero tahimik lang!”

“Kinikilig ka rin?” Tumigil sa paglalakad si Precious. “May gusto ka na rin sa kanya?”

“Wala! Porke ba kinilig ako, may gusto na agad?”

“Eh, hindi ka naman kikiligin kung wala lang. Kapag ba ikaw, binigyan ng gorilla ng singsing, kikiligin ka?”

Binalingan ni Faye ang kaibigan at sininghalan. “Iba naman 'yun, buwiset ka. Ba't naman ako bibigyan ng singsing ng gorilla? OA!”

“Ewan ko! Wala akong maisip na comparison!”

Nagpatuloy sila sa paglalakad.

Mayamaya, hindi na naman nakatiis si Precious. “Naisip mo ba na baka nga balikan ka talaga ni Lemon at pakasalan?”

Gusto niyang sabihing oo, naisip niya. Pero hindi niya magawa.

“Hindi. Dahil hindi ako naniniwala na tutuparin niya 'yung sinabi niyang 'yun.”

“Malay mo naman. Mukha namang seryoso 'yung bagets. Imagine, nasa America na pero nagawa pa rin niyang padalhan ka ng singsing?”

“Eh, malay mo rin naman pinabili lang niya sa tabi-tabi 'yung singsing?” Alam niyang hindi totoo 'yun dahil hindi naman mukhang fake ang singsing.

“Ipa-check kaya natin? Dalhin natin sa *Tambunting Pawnshop!*”

“Gaga, baka mamaya makarating kina Nanay.”

“Ako'ng bahala. Doon tayo sa kabilang bayan magpatingin.”

“Whatever.” Sa isip ni Faye, hindi naman mahalaga kung ano ang tunay na monetary value ng singsing. Pero pumayag pa rin siya sa suggestion ni Precious.



“Magkano?” Feeling ni Faye ay namingi siya nang marinig ang sinabi ng babae sa pawnshop.

“Hanggang thirty thousand lang ang puwede kong ibayad dito.”

“Ibig sabihin, more than fifty thousand ang halaga ng singsing!” excited na bulong ni Precious. “Isanla

kaya natin?”

“Akina na ho ’yan!” Agad niyang kinuha ang singsing at inilagay sa maliit na box, saka ipinasok sa bag. Bigla siyang natakot at nanlamig. “Halika na, umuwi na tayo.”

Sumunod sa kanya si Precious. Nang makakita ng tricycle, agad siyang pumara at sumakay sila ng kaibigan. Ang lakas ng kabog ng kanyang dibdib.

“Bakit niya ako binigyan ng ganito kamahal na singsing?” baling niya kay Precious habang bumibiyahé. “Natatakot ako.”

“Bakit ka matatakot, gaga! Dapat matuwa ka. Jackpot ka, ’day!”

“Baka sa nanay niya ’to! Baka hinahanap na ’to tapos ako ang mapagbintangan.”

“May note naman sa ’yo si Lemon ’no. Relax.”

Pero hindi siya makapag-relax. Paano ba niya makokontak ang lalaki? “Puwede kaya natin siyang tawagan?”

“Ang mahal ng overseas call, ha.”

“Email? Sulat sa post office. Kahit ano!” Napatingin siya sa dinadaan nila. “Gusto ko lang sabihin sa kanya na mali ito. Dapat ibalik ko sa kanya, ’no?”

“Naku, huwag! Sayang,” pigil ni Precious. “Saka Christmas gift ’yan, eh. Masama magbalik ng Christmas gift.”

“Bakit?”

“N’ung niregaluhan ba ng wisemen si Baby Jesus, ibinalik ba nila ’yung mga regalo? Hindi, di ba? Kasi kapag ibinigay sa ’yo ang gift, accept it and be thankful, di ba?”

“Ang deep ha!” Napangiti rin si Faye sa sinabi ni Precious. May point naman ang kaibigan.

Pero kelan ka nga ba babalik, Lemon?

15

Final Offer

At present...

First time ni Faye na pumasok sa office ni Lemon at nasorpresa siya kasi simple lang iyon pero maganda. Katamtaman ang laki ng office, all-white walls, may nakakabit na dalawang maliit na black-framed modern paintings, glass table and black leather chair. May gray couch sa isang sulok na mukhang very comfortable at tinemuhan ng itim na wood table.

Minimalist, sa loob-loob ni Faye.

Naninibago siya dahil ang kilala niyang Lemon noon ay magarbo at mahilig magpa-impress. But then again, naisip din niyang nagbago na nga ang lalaki. Maging ang taste nito ay iba na. Mahilig na ito sa mga sikat na models.

“How do you like my office?” Napaigtad siya nang marinig ang boses ni Lemon. Saan galing ang lalaki? “Pumasa ba sa ’yo ang design?”

“Maganda. I like it,” pag-amin niya. “Simple pero elegante.”

“Coming from you, that’s a compliment.” Ngumiti si Lemon—boyish at pang-TV commercial.

Di talaga maintindihan ng dalaga kung saan nanggaling ang appeal ng binata. Hindi iyon dahil mayaman ito. Feeling nga niya kahit punit-punit ang damit ni Lemon at nakatayo sa gitna ng isang construction site, cute pa rin ito.

“So I assume nakausap mo na si Melody from HR?” narinig niyang tanong ng lalaki. Bigla siyang natauhan at naalala kung bakit napasugod siya sa office nito.

“Well, yes. ‘Yun ang talagang rason kung bakit ako nandito.” Kumunot ang noo niya nang maalalang inilipat siya ng trabaho. From call center agent to... iyon ang hindi niya alam. Ano na nga ba ang job title niya? “I don’t understand what’s going on. Ang s’abi sa akin, hindi na daw ako agent at sa ‘yo na ako magreport?” Talagang sinadya niyang maging patanong ang huling sentence.

“Yeah. You and me in the same workplace...” Kaswal na umupo sa sofa si Lemon at itinaas ang paa sa wooden table. “Isn’t it fun?”

Fun? Ano’ng akala nito sa akin, naglalaro lang sa trabaho? Biglang uminit ang ulo ni Faye. “Excuse me, did I give you the impression that I am not serious about my job?”

Napatingin sa kanya si Lemon. Intent, mukhang seryoso. “Actually, the reason why you’re here is that I know you are serious about your job. I saw your statistics as an agent and I read your working experience. It’s impressive.”

Kumalma ang pakiramdam ni Faye. Ano ba 'to, di ko na maintindihan ang mga emotions ko kapag kaharap ko ang lalaking ito. Kanina masaya, pagkatapos, nainis. Ngayon naman, bigla akong na-flatter. Baka mamaya, maging luka-luka na nga ako nito. Pero nanatiling pormal ang kanyang mukha.

"I need someone like you on my team," ani Lemon. "Bago lang din ako dito sa company. Pinag-aaralan ko pa ang in's and out's so kelangan ko ng tutulong sa akin."

"Ano naman ang maitutulong ko? Mag-jot down ng notes? Hindi ako secretary 'no," nasabi niya bago pa man nakapag-isip. "What I mean is, limited lang naman ang alam ko kasi iba ang nature ng work ko dito. Hindi ako pang-admin. Nasa floor ako as an agent."

"Yeah. But you're the only one here that I know from way back."

Ouch. From way back. Feeling ni Faye ay pinana ang puso niya—tagos hanggang spinal column. Sa pagkakasabi ni Lemon ng 'from way back' ay simpleng pahiwatig na kung ano siya at kung saan siya sa buhay ng lalaki. She belonged to the past.

"I see. Well, like I said limitado ang alam ko so I don't think I qualify for the job."

"What are you saying?"

"I'm quitting."

"You don't even know the job yet." Nanatiling nakaupo si Lemon. "You can't quit."

"I just did." Naisip ni Faye, may pinag-aralan naman siya, may mga kaibigan at kakilala. Siguro naman, makakahanap agad siya ng trabaho.

"You're being unreasonable."

"Ikaw ang unreasonable. Bigla mo akong

pinatangal sa trabaho ko.”

“*Transferred. You were never fired.*” He grinned.

Wala siyang maisagot. *Buwisit ka Lemon, when did you become so damn hot? I mean, smart? Sh*t, nalilito na ako hanovah!*

“Well, whatever. Like I said, I’m quitting.” Tumalikod na siya at akmang bubuksan ang pinto palabas ng opisina ni Lemon nang muling magsalita ang lalaki.

“The Faye that I know do not quit.”

Nilingon niya si Lemon, nakatingin ito sa kanya.

“You don’t know me,” sambit niya.

“I know that you need a job. I know that you’re trying to be independent. If you walk out now, maghahanap ka uli ng trabaho samantalang may magandang offer naman.”

“Ano ba exactly ang ino-offer mo? Ang maging sunod-sunuran sa ’yo? Maging assistant? Maging yaya? Salamat, pero kaya ko pa namang maghanap ng ibang trabaho.”

Ayokong ipamukha mo pa sa akin kung gaano ka kayaman at gaano ako kahirap, leche.

“Who said anything about being my secretary? I already have one. I also have an assistant although I think they have the same basic function. And yaya? Do I really look like someone who needs one?” Natawa nang malakas si Lemon. “Faye, you’re amusing.”

Batuhin ko kaya ito ng banga? Nakita kasi niya na may malaking banga sa likod ng table ng lalaki. Amusing pala, ah!

“I want you to be my consultant.”

“Huh?” *Consultant? Ano’ng pinagsasabi nito? Pakiramdam ni Faye ay inokray siya ng lalaki. Bakit siya gagawing consultant? Mukha ba akong mashonda?*

“You’re young, bright and insightful,” narinig niyang sabi ni Lemon. “I think you’d love this new position. It’s not an eight-to-five job. You will not be required to go to the office everyday because there’s mobile phone and we could also exchange emails. But there would be times when you need to travel out of town for some business transactions,” paliwanag pa ng lalaki.

“Eh, hindi naman ako qualified sa mga ganyan. Di ba expert or at least may field of specialization ang mga consultants?” Ang ganda ng pagkakalatag ni Lemon ng job description. Gusto na niya pero ayaw niyang umasa. “Iba na lang ang kunin mo.”

“Why not try it even for just a month?”

“And then what? Kapag hindi nag-work out ay matatanggal din ako? It’s a waste of time.”

“Did I mention the financial aspect?” Hindi siya sumagot. Ayaw na niyang malaman. “It’s three hundred per day.”

“What? Three hundred?” Hindi siya makapaniwala. “Ni wala pang minimum wage? Dapat man lang sana eh one thousand!”

“Four hundred.” Lemon crossed his arms.

“Maliit pa rin!” angal niya.

“Five hundred, final offer,” ani Lemon.

“Consultant. Ang ganda ng title ’tapos five hundred per day lang? Mas malaki pa ang kikitain ko kung magma-manage na lang ako ng isang specialty bakeshop ng friend ko.”

Nakita niyang bahagyang gumalaw ang mga kilay ni Lemon, palatandaang na-amuse na naman ito.

“Five hundred per day,” ulit ni Lemon. “And I mean, dollars.”

Kahit hindi siya magaling sa math, kusang nag-

mental calculate ang utak ni Faye. Five hundred dollars per day?! Tumambling yata ang anino niya!

*Sh*t!*